

MANWAL PARA SA KUMPIRMASYON

Inihanda at inilimbag ng:
EDUKASYON AT PANGANGALAGANG KRISTİYANO
Hurisdiksyon ng Katimugang Luzon
Nagkakaisang Iglesya ni Kristo sa Pilipinas

MGA NILALAMAN

Mga Paunang Salita
Pagkilala at Pasasalamat
Panimula/Konsepto ng Kumpirmasyon
Paglilinaw sa mga Paksang Tatalakayin
Misyon at Kalikasan ng Iglesya
Ang Kasaysayan ng UCCP
Ang Pananampalataya ng UCCP
 Ang Trinaryong Saligan
 Sa Wangis ng Diyos
 Ang Bahagi ng Bibliya
 Tungo sa Isang Bagong Pagkatao at Isang Bagong Sanlibutan
 Ang Kabilang Buhay
Pag-unawa sa Bibliya
Ang Liturhiya
Ang Bawtismo
Ang Eukaristiya
Ang Hamon ng Pagiging Alagad
Tungkulin at Pananagutan ng Isang Kaanib ng iglesya
Isang Mungkahing Kaayusan ng Pananambahan

MGA PAUNANG SALITA

Mula sa Kalihim ng Programa

May kagalakan naming inihahatid sa inyo ang munting aklat na ito para sa kumpirmasyon at pagiging ganap na kaanib ng ating iglesya. Ito'y bunga, higit sa lahat, ng tulong at patnubay ng ating Panginoon, ng pagpapagal ng ating mga kamanggagawa, ng determinasyon ng hurisdiksyon at ng gabay ng Asembleya Heneral partikular ng Christian Education and Nurture Desk na unang nagbalang-kas ng konsepto nito.

Hindi biro ang panahong ating hinintay bago natin lubusang natapos ang manwal na ito. Kung kaya naman labis-labis ang aming pag-asa na ito'y magdudu-lot ng malaking tulong para sa ating mga iglesya lokal.

Sa pamamagitan nito sana'y matulungan ang ating mga iglesya lokal, mga lider at mga manggagawa sa pagpapatupad ng may iisang direksiyong pag-aaral hinggil sa mga salalayang paniniwala at prinsipyo ng United Church of Christ in the Philippines. Kaya, aming hinihikayat ang bawat iglesyalokal at manggagawa na garnitin ang manwal na ito para sa kani-kanilang mga "communicant classes".

Kasama ninyo kaming dumadalangin para sa pagtatagumpay at pag-unlad ng mga gawain at ministeryo ng ating iglesya mula sa mga iglesya lokal hanggang sa Asembleya Heneral.

Salamat din sa inyong pagtangkilik!

REB. JESSIE S. SUAREZ
Kalihim Pamprograma,
CEN - SLJ UCCP

Mula sa Obispo

Narito na ang isa sa napakatagal na nating hinihintay - ang Manwal Para sa Kumpirmasyon o Pagiging Ganap na Kaanib ng Iglesya. Isa ito sa mahahalagang pangangailangan na malaon na nating hangad na maisakatuparan. Kaya naman heto't pinagsumikapan nating ito'y magawa at matapos sa tulong at paggabay ng ating Asembleya Heneral.

Ang konsepto nito'y binalangkas ng Christian Education and Nurture Desk ng Asembleya Heneral at ating isinalin sa tagalog upang higit na maging angkop sa ating pangangailangan. Kalakip na rin ng manwal na ito ang mga mungkahing aralin na tatalakayin at pag-aaralan sa buong panahon ng paghahanda ng mga nagsisipagsanay na mag-aaral at ang isang mungkahing daloy ng pananambahan para sa gawain ng kumpirmasyon.

Layunin ng manwal na ito na magabayan ang ating mga iglesya lokal at matugunan ang kanilang pangangailangan para sa mga isinasagawa nilang paghahanda sa mga kukumpirmahang kaanib ng iglesya. Ito'y ating ginawa sa diwa ng paniniwala na ang edukasyon at pangangalaga (education and nurture) ay mahalagang sangkap para sa makabuluhang paghubog sa mga indibidwal nating kaanib at sa kabuuang buhay na rin ng ating iglesya.

Dahil dito, ating marubdob na hinihikayat ang lahat nating mga iglesya lokal at mga manggagawa na gamitin ang gabay na ito sa kani-kanilang mga "communicants classes".

Dalangin namin na nawa'y makatulong at makapag-ambag ito sa ating layunin at misyon na linangin at paunlarin ang pananampalataya ng ating mga kaanib tungo sa isang tunay na mapanagutang paglilingkod at pagkakatiwalang Kristiyano.

Sumainyo ang pagpapala ng ating Panginoong Diyos!

OBISPO ELIEZER M. PASCUA
Obispo ng Hurisdiksyon

PAGKILALA AT PASASALAMAT

Lubos tayong nagpapasalamat at ating matapat na kinikilala ang mahalagang bahagi ng mga taong nagbigay ng kanilang panahon at talento para maisakatuparan ang pagkakaroon ng manwal na ito.

Una'y nais nating kilanlin at pasalamatan ang Christian Education and Nurture Desk, UCCP sa pangunguna ni Rev. Lydia Niguidula, na masigasig na nagbalangkas ng konsepto nito. Ang kanilang masikhay na pagpupunyagi para sa mapatagos ng lubusan ang mga katuruan, paniniwala at paninindigan ng ating iglesya ay inspirasyong gumaganyak at humahamon upang tayo rin naman ay mapanagutang makibahagi sa layuning ito.

Gayundin, nais nating taus-pusong magpasalamat sa mga nagsipagsalin sa tagalog ng konsepto at mga artikulong nakapaloob dito at ang mga nagsipag-ambag ng kani-kanilang mga sinulat na sina:

Rev. Serafin R. Ersando

Rev. Rizaldo I. Bahia

Bishop Eliezer M. Pascua

Ang mga may akda sa *"Like A Mustard's Seed"*

Rev. Oscar S. Suarez

Kay Rev. Jessie S. Suarez na nagsalin din sa tagalog at siyang *"Editor"* nito.

Kay G. Michael M. Garcia sa mapanlikha at makatuturang disenyo ng pabalat at kay Bb. Sharon B. Bayot, sa matiyagang pagkokumputer ng lahat ng mga nilalaman nito at sa iba pa na ang mga pangalan ay di na nabanggit nguni't may malaking bahagi rin sa pagbubuo nito.

Maraming maraming salamat sa inyo at mabuhay kayo!

EDUKASYON AT PANGANGALAGANG KRISTNANO

SLJ-UCCP

Panimula

Ang manwal na ito ay binalangkas ng Tanggapan ng Edukasyon at Pangangalagang Kristiyano bilang tugon sa malaon nang panawagan ng mga iglesya lokal na magabayan ang kanilang mga pag-aaral sa paghahanda bilang ganap na kaanib ng iglesya. Mula pa nang simulan ng ating mga iglesya ang paghahanda sa mga bata para sa kumpirmasyon ay nadarama na ang pangangailangan sa isang manwal na gagabay sa mga guro, bagama't kadalasang di inihahayag. Ang mga katanungang, "Anu-ano ang mga paksang dapat talakayin sa pag-aaral sa pagiging ganap na kaanib?" "Paano isasagawa ang mga klase?" "Saan kukuha rig mga kinakailangang materyales?" "Bakit nga ba kailangan pang magsagawa ng pag-aaral sa pagiging kaanib?" "Gaano katagal ang gagawing pag-aaral?", ay mga palatandaan ng pangangailangang ito. Kaya, ang manwal na ito ay nilikha sa pagtatangkang tugunin ang naturang pangangailangan.

Kumpirmasyon

Ang kumpirmasyon sa sakramento ng banal na bawtismo ay isang seremonyang isinasagawa ng Iglesyang Kristiyano upang palakasin o pagtibayin ang pag-aangkin ng Diyos sa tao na inihayag sa pagbawtismo sa sanggol. "Sa bawtismo ay pinagiging Kristiyano tayo, sinimulang maging bahagi ng katawan ni Kristo minsan at kailan man." Sa seremonya ng kumpirmasyon, ang mga taong kinukumpirmahan ay nagpapasyang ariing kaniyang sarili ang mga pangakong ginawa para sa kanila ng kanilang mga magulang at mga pangunahing saksi nang sila ay bawtismuhan. Sa pamamagitan nito, ang kinukumpirma han ay nagpapahayag din sa pamayanan ng kanilang paglagpas sa pagiging maygulang at sa pagiging mapanagutang kaanib ng pamaya nan ni Kristo. "Ang kumpirmasyon ay isang seremonya ng kakanyahan, pananagutan, at ng ganap na pagkatalaga para sa misyon at sa ministeryo.

Ang kasaysayan ng kumpirmasyon ay mauugat sa seremonyang "bar mitzvah" ng relihiyong Hudaismo. Ang seremonya ng kumpirmasyon bilang isang gawaing Kristiyano ay halos huli nang dumating nang ang pagbabawtismo sa sanggol ay isinasagawa na.

Nang ika-5 siglo, "ang magkumpirma" ay inilalapat lamang sa pagpapahid ng langis at pagpapatong ng kamay na ginagawa ng obispo matapos ng pagkabawtismo, hanggang sa ito ay maging karaniwang katawagan sa pagsasagawa ng seremonyang ito nang ika-9 na siglo. Pagkatapos, ito ay naging seremonyang hiwalay sa bawtismo at isinasagawa kapag ang sanggol ay dumating na sa panahon ng sariling pagpapasya.

Kapag ang kabataan o matatanda ay umaanib sa iglesya, kanilang pinagtibay ang mga pangako ng kanilang mga magulang na ginawa para sa kanila nang sila ay sanggol pang binawtismuhan, o di kaya'y sarili nilang pagpapatibay sa mga pangako sa unang pagkakataon (kung hindi pa nababawtismuhan sa panahon ng kasanggulan). Lubusang naaangkop na tawaging klase para sa pagiging kaanib ng iglesya para sa mga taong nagpapahayag ng pananampalataya na "mga klase sa kumpirmasyon" pagka't natututuhan nila ang kahulugan ng pagkumpirma, angkinin sa kanilang sarili ang mga pangakong ginawa para sa kanila ng kanilang mga magulang o tagapangalaga at mga ninong at ninang.

Sa UCCP, gawain nating magkumpirma sa 12-taong gulang na nabawtismuhang kaanib ng iglesya at pagkatapos nito, sila ay binibigyan ng karapatang makibahagi sa pagdiriwang ng Banal na Hapunan ng Panginoon o Komunyong. Ang salitang "kumulgante" (communicant) ay nagmumula sa karapatang ito na makibahagi sa Banal na Komunyong o Hapunan ng Panginoon, o makipag-ugnay. Gayunman, sa pinakahuling kapasyahan ng iglesya na pahintulutan ang mga bata na makibahagi sa komunyong pagkatapos na sila ay mabawtismuhan, kumpirmado man o hindi, ang pinakahuling katangiang ito ng seremonya ay nagiging kalabisan. Sa bawtismo ay tinatanggap ang mga naghahangad mapaloob sa komunidad ng pananampalataya. Gayunman, dahil sa ganitong gulang, ito rin ay simula ng kanilang pagsandig sa komunidad para sa kanilang pananampalataya at pangangalaga (Gawa 2:39). Ang pakikibahagi ng mga batang nabawtismuhan sa Hapunan ng Panginoon ay batay sa paniniwala ng iglesya sa nauunang pagbibigay-biyaya ng Diyos — nangangahulugang ang pag-ibig at kahabagan ng Diyos ay nakapaligid at makukuha na ng mga bata. Ang Diyos ang gumagawa sa pamamagitan ng Iglesya. Ang pagkakait ng Hapunan ng Panginoon sa nabawtismuhan nang mga bata ay paglagot o pagtanggap sa nauunang pagbibigay-biyaya ng Diyos.

PAANYAYA UPANG MAGING ALAGAD

Ang pag-anib sa iglesya ay tugon ng isang tao sa isang paanyaya. Gayunman, ang paanyaya ay hindi ipinalabas ng iglesya sa kanilang sariling pangalan, o ng isang ministro o iba pang kaanib sa kanilang pangalan. Ito ay isang paanyayang nagmumula kay Hesu-Kristo. Kailangan mong dinggin ito bilang Kaniyang pagtawag sa iyo upang maging makahulugan ang iyong pagiging kaanib.

May dalawang libong taon ang ating agwat mula sa unang okasyon kung kailan ipinaabot ni Jesus ang kaniyang paanyaya sa mga tao na maging kaniyang mga alagad. Nguni't ang agwat na ito ay hindi mahalaga, sapagka't ang pagtawag at ang pag-angkin ay tulad din ng una. Ang tugon ng tao dito ay magpasya pa rin sa kaniyang buhay. Ang pagtanggap o pagwawalangbahala dito ay pagtatatwa sa kapangyarihan ng Diyos sa buhay ng tao at pagtanggap maging bahagi ng komunidad ng Diyos. Iniharap ni Jesus ang kaniyang sarili sa mga tao sa kasalukuyan, nag-aanyaya sa kanila na tanggapin siya at sumunod sa kanya. Ang iniaalok ng iglesya ay hindi pagtatapat sa isang patay na bayani kundi paggiging alagad ng isang buhay na Panginoon.

Kung gayon, kinakailangan nating alamin kung paano ipinahahayag ni Jesus ang gayong paanyaya sa pagiging alagad sa mga araw na Siya ay nasa sanglibutan at dinggin ito bilang kasalukuyang paanyaya. Nariyan si Mateo, ang maniningil ng buwis. Hindi natin alam kung si Mateo ay isang natatalukbungang tauhan o anino ng isang katauhan. Ang tanging nalalaman natin, siya ay isang tao na duminig sa mabuting balita habang yaong mga nagtatakwil sa kanya ay mga bingi sa bagay na ito. Sa Templo, tinitigan ni Jesus Si Mateo at sa kaniya'y sinabi "Sumunod ka sa akin". At ang tala ay nagsasabing "siya ay tumindig at sumunod sa kaniya". Alinmang tugon sa dakilang paanyayang Ito sa pagiging alagad ay may ganito kabilis at mapagpasyang tinig. Sa pagdating ng pagpapasya, ginagawa ito ng isang tao pagka't ang pagtawag ni Jesus ay hindi matatanggihan.

Ang tawag sa personal na pagiging alagad ay tawag sa pagiging kaanib ng iglesya. Nang tawagin ni Jesus ang kanyang mga alagad, tinawag niya sila sa isang komunidad ng mga taong nagsisisampalataya sa kaniya at sa Diyos na nagsugo sa kaniya sa sanglibutan.

(hinango sa "Ang Daan ng Pagiging Alagad")

Mga Klase sa Kumpirmasyon o Pagiging Ganap na Kaanib ng Iglesya

Ang mga klase sa kumpirmasyon ay isinasagawa upang turuan at ihanda ang mga kandidato sa kumpirmasyon sa kanilang mga pananagutan at mga karapatan bilang maygulang na mga kaanib ng iglesya. Ang mga tiyak na layunin ng klase sa kumpirmasyon ay:

Mga Motibo

1. Ang mag-aaral ay magkaroon ng malalim na pagkaunawa sa kahulugan ng isang mapanagutang kaanib ng iglesya.
2. Ang mag-aaral ay magnanasang ipagpatuloy ang pagkatuto hinggil sa mga pananagutan at mga karapatan ng isang kaanib ng iglesya.
3. Malilining ang interes sa pagbabasa ng Bibliya at iba pang mga lathalaing Kristiyano, sa pagsasagawa ng pagdisiplina sa pananalangin, at sa matapat na pagpapanatili sa gawi ng palagiang pakikibahagi sa sama-samang pananambahan.
4. Magsusumikap upang maitalaga ang sariling buhay sa misyon ng iglesya sa sanglibutan.
5. Malilining ang pagnanais na ipagpatuloy ang pagsasaliksik at pagkatuto tungkol sa mga daan at kalooban ng Diyos at sundin ang mga ito.

Kaalaman

Malalaman ng mag-aaral ang mga paniniwalang tiyolohikal at mga Gawain ng iglesya, pati na ang mga sakramento; ang kasaysayan, istraktura at programa ng UCCP; ang mga pananagutan at mga karapatan ng isang lumalagong kaanib ng iglesya.

Mga Kakayahan

Matututuhan ng nakikibahagi na manalangin at manguna sa pananalangin, ang paggamit ng Bibliya sa pagninilay at pag-aaral, makahulugang makibahagi sa samasamang pananambahan, at maging sa pangunguna sa pag-aaral at grupo-grupong pananalangin.

Mga Pagpapahalaga

1. Ang nakikibahagi ay magkakaroon ng pagkilala at mapapanday sa gawi ng pakikipagtulungan at paggalang sa kapwa.
2. Matututuhan ng mag-aaral na kilanlin ang kahalagahan ng aktibong pakikibahagi sa mga gawain ng iglesya at ang paggamit ng mga mapanglikhang pamamaraan ng pagkatuto.
3. Magpatuloy ang mag-aaral sa pag-ibig sa iglesya at kusang-loob na makikisangkot sa buhay at misyon nito ng may kasiyahan.

Ang Pangunguna sa Klase sa Kumpirmasyon

Kailan at Saan?

Ang mga klase sa kumpirmasyon ay maaring isagawa sa mga araw ng Linggo o sa ibang mga araw ng Linggo ayon sa kaluwagan ng guro at mga mag-aaral. Sa mga araw ng Linggo, ito ay isasagawa sa oras ng Paaralang Lingguhan o sa hapon, at sa ibang mga araw ay pagkatapos ng pasok sa paaralan, mga araw ng Sabado ng umaga o hapon, o di kaya'y sa panahon ng bakasyon o walang pasok sa iskwel. Sa ibang mga iglesya ay inilulunsad ang mga klaseng ito sa loob ng isang taon sa regular na oras ng Paaralang Lingguhan. Ito ay higit na angkop sa mga batang nasa labing isang taong gulang.

Ang mga klase ay maaring isagawa sa bahay-sambahan, sa gusali ng Edukasyong Kristiyano, sa tahanan ng manggagawa, sa tahanan ng isang kaanib o sa isang gusaling pang-seminar o retreat house lalong lalo na kapag isa o dalawang buong araw ang inilaan para sa mga sesyon.

Bawa't sesyon ay dapat tumagal ng hindi kukulangin sa isang oras at kalahati upang makapagbigay ng sapat na panahon sa pagtatalakayan, pagpapalitan ng kaisipan, pagninilay at mapanglikhang pamamaraan ng pag-aaral. Maaring may serye ng pang-araw-araw o lingguhang pag-aaral (Sabado o Linggo) hanggang ang mga aralin ay matalakay na lahat. Pagkatapos maitakda ang Linggo ng Kumpirmasyon, kailangang pasimulan ang pag-aaral na may sapat na oras upang matiyak na mapag-aaralan ang buong kurikulum. Ang tradisyonal na araw para sa kumpirmasyon at ang lingo ng Pagkabuhay, nguni't maaring hindi ito ang isinasagawa ng ibang mga iglesya.

Sino ang Mangunguna sa mga Klase?

Ang karaniwang mga taong dapat manguna sa mga klase sa pagiging kaanib ay ang mga pastor, mga kaanib ng iglesya na may pagsasanay na tiyolohikal, at ang mga presbitero ng iglesya. Ang pananagutan sa koordinasyon ay nasa Lupon o Komite ng Edukasyon at Pangangalagang Kristiyano sa pakikipagtulungan sa Lupon o Komite ng mga Presbitero. Sa pakikipagkonsultasyon sa pastor, kanilang itatakda ang mga klase sa kumpirmasyon at ang Linggo ng Kumpirmasyon, tutukuyin at titipunin ang mga inihahandang kukumpirmahan at magtatalaga, magbibigay ng oryentasyon, at magsasanay sa naga guro sa tulong ng manwal na ito. Kung wala ng mga tauhan o komiteng binabanggit sa unahan, ang pastor ang magsasabalikat ng pananagutan.

Paano isasagawa ang mga Klase?

Tulad ng binabanggit sa mga layunin, ang mga klase sa kumpirmasyon ay di lamang pagtatamo ng kaalaman sa mga doktrina at mga sakramento ng iglesya, kasaysayan ng iglesya, at sa mga pananagutan ng inihahandang kumpirmahan. Bagama't Ito ay mahalagang bahagi, lalong mahalaga na ang mga nakikibahagi ay makinabang ng mga pag-uugali, mga pagpapahalaga at mga motibo sa buhay na may malinaw na pagkaunawa sa doktrina at disiplinang Kristiyano. Ang mga pakinabang na ito ay higit na malalim sa pangkaisipang pagkaunawa, at inaasahang magiging panghabangbuhay, na mahahayag sa isang binagong buhay.

Paano natin lilinangin ang mga kaasalan at mga pagpapahalagang Ito sa mga mag-aaral? Yamang isinasangkot nila hindi lamang ang kanilang isip kundi ang puso, kaluluwa at lakas din naman, ang mga klase ay kinakailangang isagawa na gumagamit ng mga pamamaraang nakaantig at gamitin ang mga yaman at kapangyarihan ng mga aspetong Ito sa tao. Ang panayam o lektura ay di lamang siyang tanging paraan sa pagtuturo. Mga gawaing paghahalintulad, mga talakayan sa maliliit na grupo, workshops, case studies, exposures (sa mga komunidad at lugar ng pagmimisyon), field trips (sa tanggapan ng komperensya at iba pa), pagsasadula, paggamit ng mga biswal (tsart, mapa, pelikula, larawan at iba pa), drama, mga awit, tula at iba pang mga pamamaraang makagaganyak sa aktibong pakikibahagi ng klase, bubuo ng komunidad, at lilinang ng kanilang mapanglikhang pag-iisip at pagpapahayag.

Ang silid-aralan ay dapat maging isang salamin o larawan ng kaharian ng Diyos kung saan ang bawa't isa ay mahalaga at may bahaging dapat gampanan at ang diwa ng komunidad ay nararanasan at malinaw na naipapahayag. Mg espirituwal, sosyal at personal na mga pagpapahalaga ng kaharian ng Diyos ay nararapat na makita sa ugnayan ng guro at mga mag-aaral at sa pagitan din mismo ng mga mag-aaral.

Ang bawa't sesyon ay maaring magsimula at/o magwakas sa isang maikling mapanglikhang pagsamba na aktibong magsasangkot sa mga nakikibahagi upang sila ay magkaroon ng aktuwal na karanasan ng pagiging bahagi ng isang sama-samang pagtitipon sa pananambahan, at maging sa pagpapalano nito.

Ang pagsasaulo ng mga talatang biblikal pagkatapos ng kanilang masinop na pagkaunawa, ay magkikintal sa mga aspirante ng mahalagang bahagi ng mga kasulatan sa pananampalataya at paglalakbay ng buhay Kristiyano. Ang mungkahing talataan ay ang mga sumusunod:

Ang Mabuting Kapalaran - Mateo 5:1-12

Ang Panalangin ng Panginoon - Mateo 6:9-15

Ang Sampung Utos - Exodus 20:1-20

Ang Kabanata sa Pag-ibig - I Corinto 13

Ang Awit ng Pastol - Awit 23

Ang Dalawang Landas - Awit 1

Ang Ministeryo ni Jesus at Natira - Lucas 4:18-19

Ang Hinihingi ng Diyos - Milas 6:8

Ang Espiritu Bilang Alagad ng Pagbabago - Isaias 11:1-2
Ang Kapahayagan ng Pananampalataya ng UCCP

Ang Seremonya ng Kumpirmasyon

Ang seremonya ng kumpirmasyon ay isang madulang pagpasok sa iglesya bilang maygulang ng mga kinukumpirmahan. Ito ay nararapat na maging isang napakamakahulugang karanasan sa kanila at ang lahat ay kasangkot. Ang katibayan ng kumpirmasyon ay maaring ipagkaloob bilang paalaala sa kinumpirmahan sa mahalagang pangyayaring Ito at sa mga pananagutan at pribilehiyong kalalkip nito. Sa mga iglesyang may kakayahan, maaring bigyan ng Bibliya ang bawat nakumpirmahan, na nakasulat doon ang angkop na mensaheng tutugon sa layunin ng sertipiko o katibayan.

Mga Klase sa Panunubaybay

Ang ibang mga iglesya ay maaring magsagawa ng mga klase ng panunubaybay sa mga nakumpirmahan na o mga naging kaanib na sa bob ng maraming mga taon. Ang Edukasyon at Pangangalagang Kristiano ay bumubuo ng isang Manwal para sa Programa sa Paghubog ng mga Layko, na magbabalangkas ng kurikulum para sa mga layko, na makatutulong sa pagpapatatag ng mga paksang tinalakay sa mga klase sa kumpirmasyon. Ito ay may higit na lalim at lawak upang matugunan ang pangangailangan ng mga kaanib na maalagaan at mabigyang kakayahan habang kanilang nalalagpasan na ang pagkaing "gatas".

Ang Kurikulum sa Klase ng Kumpirmasyon

Ang sumusunod na mga paksa ay iminumungkahing masaklaw sa mga klase sa kumpirmasyon:

- A. Ang Iglesya, Ang Kalikasan at Kahulugan Nito
- B. Ang Kasaysayan ng Iglesya at ang Kasaysayan ng UCCP
- K. Ang Istraktura, Saligang Batas, at mga Programa ng UCCP
- D. Ang mga Sinasampalatayanan at Gawain ng Iglesya
 - Ang Diyos (Manglilikha, Manunubos, at Tagapagtaguyod)
 - Ang Tao
 - Ang Bibliya
 - Ang Kaharian ng Diyos
 - Ang Pagkabuhay na Mag-uli
 - Ang Pananambahan
 - Ang mga Sakramento
- E. Ang Paglinang ng Espirituwal na Buhay
- G. Ang Tungkulin at Panangutan ng Isang Kaanib ng Iglesya

MAIKLING PAGLILINAW AT PAGLALARAWAN SA MGA PAKSANG TATALAKAYIN

Ang Iglesya

Iminumungkahing magsimula tayo sa paksang ito sapagka't sa ating paniniwala, ang iglesya ang tumipon sa mga kukumpirmahan. Kung walang iglesya, walang mga klase sa pagiging kaanib ng iglesya. Gayunman, ang paksang ito ay dapat pag-aralan pagkatapos nilang magdaan sa proseso ng pagkikilanlan sa isa't isa at maitatag ang damdamin ng pagiging bukas at pagtitiwala. Isang boong sesyon ang maaring iukol dito, na ginagamit ang mga pagsasanay sa pagbubuo ng komunidad at pakikipag-ugnayan ng tao sa isa't isa. Gayunman, ang proseso ay hindi dapat matapos sa unang sesyon kundi dapat na itaguyod sa lahat ng mga sesyon sa pamamagitan ng mga gawaing gaganyak sa pagkilos ng sama-sama at pagbabahaginan bukod sa pangkaisipang bahagi ng pag-aaral.

Kasaysayan ng UCCP

Ang layunin ng araling ito ay di upang maipakita ang pagkakahatigati sa pangdaigdigang iglesya at maitaas ang ating partikular na denominasyon. Sa halip, layunin nito na magkaroon tayo ng kasiyahan sa kalikasang ekumenikal

ng UCCP at malinang ito sa mga mag-aaral upang sila ay magsagawa tungo sa ikapagkakaisa ng iglesia sa boong daigdig.

Ang Istruktura, Tunguhin ng Programa, at Saligang Batas ng UCCP

Ang bahaging ito ng kurikulum ay makatutulong sa kukumpirmahan na maging mapanagutang kaanib ng iglesia sa pamamagitan ng pagiging mulat sa kaayusan at buhay ng UCCP. Ito ang maghaharap sa kanila sa pangangailangan sa kaayusan at organisasyon sa iglesia upang makahulugang magampanan nito ang pagkatawag sa kaniya. Ang saligang batas ay ginawa upang pagaanin ang ministeryo ng iglesia at di upang maging hantungan o katapusan sa kaniyang sarili o maging hadlang sa buhay ng iglesia.

Ang Diyos

Ito ang simula ng pag-aaral sa serye ng mga artikulo ng ating Kapahayagan ng Pananampalataya, liban sa artikulo sa Iglesia na natalakay na. Ang araling ito ay sumasaklaw sa tatlong persona ng Diyos — ang Manglilikha, si Jesus, at ang Espiritu Santo. Ito ay mangangailangan ng higit sa isa o dalawang mga sesyon. Makabubuting hindi maging lubhang tiyolohikal ang pagtalakay dito kundi sa antas na abot ng karanasan at naibabahaging pagninilay.

Ang mga Tao

Mabuti ring talakayin ito sa tiyolohikal, pangkasaysayan, at eksistensya na paraan. Ang pag-aaral ng mga turo ng Bibliya at ang pagbabahagi ng personal na mga karanasan ay magbibigay ng higit na kahulugan sa pagiging tao. Ang kontekstong kinapapalooban ng mga turong Biblikal tungkol sa tao na nasusulat sa Genesis ay magdaragdag ng Pangkasaysayang lawak.

Ang Bibliya

Ang paksang ito, bukod sa pagtalakay sa kahalagahan at bahagi ng Bibliya sa ating pananampalatayang Kristiyano, ay magtuturo din sa mga kukumpirmahan kung paano babasahin at ipaliliwanag ang Bibliya. Bilang kaanib ng UCCP, hindi nila dapat ipaliwanag ang lahat ng literal kundi sa pamamagitan ng paggamit ng naaangkop na paraang tiyolohikal, pangkasaysayan at tekstuwal.

Ang Kaharian ng Diyos

Ang kaharian ng Diyos ay tiyolohikal at sosyolohikal na kaisipan. Ito ay nangangahulugan na bagama't ito ay nagpapahiwatig ng paghahari ng Diyos sa indibidwal na buhay at kaanyuan nito; ito rin ay nahahayag sa mga istraktura ng ating lipunan. Tulad ng kaligtasan, ito ay espirituwal at materyal, personal at sosyal. Sa paksang ito, matututuhan ng kukumpirmahan ang kanilang mga pananagutan sa misyon. Sila ay maimumulat sa kanilang personal na mga paninindigan kaugnay ng kapwa at ng sangnilikha, gayundin naman sa mga suliraning panlipunan at sa mga hamong dinadala nito sa mga kaanib ng iglesia. Kung paano sila kikilos sa klase ay magandang pasimula para sa pagninilay kung paano ang marapat na pagtugon sa pagkilos para sa pagtatayo ng kahanan ng biyos, at sa pagsaksi at paglilingkod.

Ang Pagkabuhay na Muli

Maaring isipin ng mga kukumpirmahan na hindi nila ito kagyat na malasakit yamang ang kamatayan ay malayo sa kanilang kaisipan. Gayunman, dapat nilang maunawaang ang pagkabuhay na muli ay sentro sa ating Pananampalatayang Kristiyano sa dalawang mga dahilan. Una, sapagka't naniniwala tayo na sa pamamagitan ng kaniyang pagkabuhay na muli, pinatunayan ni Kristo na siya nga ang Tagapagligtas at Panginoon ng sanlibutan. Ikalawa at kaugnay ng una, sapagka't sa pagkabuhay na muli ay binigyang katiyakan tayo ng kahulugan ng ating pagiging buhay sa daigdig na ito at sa kabila pa dahil sa pangako at pag-asang ang kabutihan at buhay ay siyang mangingibabaw kahit sa kasaysayan ng pagdurusa at kasamaan.

Ang Pagsamba

Ang pagsamba ay isang napakahalagang gawain ng iglesia kaya dapat maunawaan ng mga kukumpirmahan ang kahulugan nito upang buong layuning makibahagi dito at makahango ng inspirasyon at kapangyarihan para sa paglilingkod. Ang diin dito ay sa sama-samang pagsamba, gayunman ay dapat ding malinang ang disiplina ng personal na pananalangin, pagninilay at pag-aaral. Kadalasang ito ay nakakaligtaan ng maraming mga kaanib ng

iglesya na siyang dahilan ng nakamamatay o walangbuhay na pakikibahagi sa samasamang pagsamba. Ang iglesyang di sumasamba ay isang patay na iglesya.

Mga Sakramento

Ang dalawang mga sakramento ng Bawtismo at Banal na Hapunan ng Panginoon ay dapat talakayin sa usapin ng kanilang kahalagahan sa ating kaugnayan sa Panginoon. Dapat maunawaan ng mga kukumpirmahan na ang gawaing ito ay di lamang ritwal o seremonya na nagiging malabo at nakaugalian, kundi buhay at mapitagang pakikipagharap sa makapangyarihang espiritu ng Diyos. Sa pamamagitan ng tubig, tinapay at alak si Kristo ay nagkakaloob ng daluyan kung paanong ang Diyos ay tuwirang sasaatin at sila ay nagiging daluyan ng biyaya sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang Paglinang ng Espirituwal na Buhay/Pamumuhay

Madaling iangkop ang sarili sa kasiyahan ng pagiging kasama ng mga taong may kaisang kaisipan at mabigong kumilos mula sa pagiging nahikayat tungo sa pagiging alagad. Sa kabutihang palad, dumarating ang sandali sa marami sa atin na tayo ay nahaharap sa pangangailangan sa higit na paglagong espirituwal o nakadaramang inaanyayahan ni Kristo upang sumunod sa kanyang daan. Ang kapasyahang palalimin ang ating pamumuhay espirituwal ay pagtungo mula sa relihiyon bilang kasiyahan at kaginhawahan tungo sa pananampalataya bilang pagbabagong buhay. Ang pasyang ito ay simula ng isang proseso ng pagbabago ng oryentasyon o direksyon ng ating mga buhay. Sa halip na mabuhay para sa nagsisi mula tayong mabuhay para sa Diyos o tungo sa Diyos. Ang radikal na mga kahingian at mga pangako ng mabuting balita ay nagsisimulang magkaroon ng kahulugan at tumatatag. Marami ang iniaalok sa atin, at marami ang hinihingi sa atin.

Ang pagpili ay karaniwang dumarating mula sa kamalayang tayo ay hindi gaya ng nararapat mangyari. Marami ang nauuga ng kanilang sariling mga kahinaan, pagiging di buo, at pagka-makasalan. Ang iba naman ay naniniwalang ang nilikha ng Diyos ay mabuti at nagnanais na maging higit na naaayon sa pagkalikha ng Diyos. Sa alinmang kalagayan, lahat ay humahanap ng pagbabago, ang mabago mula sa kasalukuyan tungo sa kung ano tayo maaring maging.

Ang pagbabagong ito ay hindi nagaganap sa pagiging handa ng ating sarili na maging naiiba. Ang kinakailangang pagbabago ay napakalalim at lubhang pundamental: isang pagbabago ng puso ang hinihingi. Ito ay biyaya ng Diyos, hindi kakayahan ng makataong kalooban, na naghahatid ng gayong pagbabago. Maari nating piliing ilagay ang ating sarili sa harapan ng Diyos, na siyang nagaganap kapag isinasagawa natin ang mga disiplinang espirituwal. Sa proseso, binubuksan natin ang ating mga sarili sa biyaya ng Diyos.

Mga Disiplinang Espirituwal

Ang disiplinang espirituwal ay alinmang gawain na nagpapaunlad ng ating kamalayan sa Diyos o nagdudulot sa atin ng pagiging higit na malapit sa Diyos at sa kanyang mga daan. Ang ilang karaniwang mga halimbawa ay ang pananalangin, pagninilay, pag-aayuno, at paglilingkod. Ngunit ang pagiging disiplinado ay hindi tulad ng iniisip ng maraming mga relihiyoso. Kadalasan, ang disiplina ay may negatibong pahiwatig. Iniuugnay nito ang lahat ng mga relihiyosong bagay na dapat gawin subali't ayaw gawin o magawang mag-isa.

Ang espirituwal na disiplina ay dapat madamang tulad sa mga bagwis at kalugod-lugod, hindi isang paghihigpit. Sa aklat ni Isaias ay sinasabi, "Ngunit silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanlang na may mga pakpak na parang mga agila; sila'y mangagsisitakbo at hindi mangapapagod; sila'y mangagsisilakad at hindi mangaghihina." (Isaias 40:31). Ang paghihintay sa Panginoon ay isaag disiplinang espirituwal. Ang nagaganap ay kalakasan at kalayaan.

Ang nagsasagawa ng mga disiplinang espirituwal ay gumagawa niyaon pagka't nais nilang matutuhan ang mga daan ng Diyos at nasusumpungan ang kanilang sarili na kadalasang lumalakad sa katotohanan ng Diyos. Sa halip na habulin ang kaligayahan sa ganitong direksyon at ang tagumpay sa gayong direksyon at gumawa ng ilang mga relihiyosong bagay dito at doon, nais nilang ang boong buhay ay nagkakaisa at nakatuon sa Diyos. Sinulat ng mang-aawit: "Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh Panginoon; lalakad ako sa iyong katotohanan; ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan." (Awit 86:11) Ang panalangin ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang pagnanasang matutuhan kung paano mamuhay sa kaparaanang makapag-ambag sa kapayapaan at pagkakasundo at kabutihang ninanais ng Diyos. Ang ikalawa, na maituturing na higit na pundamental, ay ang pagnanasang

sambahin ang Diyos o mamuhay para sa Diyos na may buo o di nahahating pagkatao: nagkakaisa ang puso, isip, kaluluwa at lakas.

Ipinaliwanag ni Pablo na alinman sa tayo ay alipin ng kasalanan o alipin ni Kristo; ninanais nating bigyang kasiyahan ang nasa ng laman o ang nasa ng Espiritu. Maaring hangarin natin ang materyal na pakinabang, mataas na kalagayan at kapangyarihan, tagumpay, kalayaan at maging biktima ng pagmamataas, pag-iimbot, pagkagahaman at mga tulad nito o maaring hangarin natin ang kaugnayan sa Diyos at lumago sa pag-ibig, kagalakan at kapayapaan (tingnan ang Galacia 5:16-25). Sinasabi ni Pablo na ang ating puso ay hindi mahahati. Ang pagsasagawa ng disiplinang espirituwal ay nagpapahayag ng pagkatalaga ng isang tao na mamuhay sa Espiritu at maging bukas sa pagkatuto at sa mga daan ng Diyos.

—Patricia Levering

ANG KALIKASAN AT MISYON NG IGLESYA

ni Reb. Rizaldo I. Bahia

A. KAHULUGAN NG IGLESYA AT IGLESYA

1. Moed (salitang Hebreo)
 - itinalagang lugar "Toldang Tipanan" o tabernakulo (Exodus 30:26)
 - kapulungan ng mga tao na tinawag para sa isang pakikipagtipan (Exodus 8:1-4)
 - kapulungan ng Israel na tinawag ng Diyos sa layunin ng paglaya mula sa bansang Egipto patungong Lupang Pangako. (Exodus 3:7-10)
2. Gahal (Hebreo)
 - kapulungan ng Israel sa layunin ng pakikidigma, at sa pagdiriwang ng mga kapistahan (Mga Bilang 10:1-10).

Buod: Kapulungan, kongregasyon, asembleya ng mga taong tinawag ng Divos (ang Israel para sa mga na layunin.
3. Kyriakos (salitang Griyego)
 - templo, bahay panalanginan, bahay ng Diyos ng Ama. (Mateo 20:13; Juan 2:16)
4. Ecclesia (Griyego) pangalan
 - kapulungan, kapatiran ng mga tao na si Kristo ang pangulo (o Ulo) (Efeso 1:20-23; Hebreo 2:12)

B. MGA KATANUNGAN SA PAG-AARAL

Sa Kalikasan

- Ano ang dahilan ng pag-iral o eksistensiya ng iglesya?
- Ano an naiibang katangian nito sa ibang institusyon o kapulungan ng mga tao?

Misyon

- Ano ang dahilan ng pagkatawag ng iglesya?
- Ano ang kalagayan o panahon nang ang iglesya ay tawagin?
- Ano ang misyon ng iglesya?

K. MGA TAO NA HALIMBAWA SA PAGTAWAG NG DIYOS

Sinabi natin, na ang Ecclesia ay ang asembleya o kapulungan ng mga taong tinawag ng Diyos kay Kristo. Kung magkagayon, dapat tayong magsimula sa mga tao na tinawag ng Diyos. Ang una na dapat nating tiyakin sa ating pag-aaral ng paksa ay may tumawag doon sa asembleya ng mga tao. Ang dakilang Mananawag ay walang iba kundi ang DIYOS. Ating babanggitin ngayon ang ilang mga tao na tinawag ng Diyos.

ABRAHAM (1900 c)

Ang Tawag:

“Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong Ama at kamag-anakan at pumunta ka sa baying ituturo ko sa iyo.” (Genesis 12:1) Sa Hebreo 11:8 ay mababasa natin ang deskripsyon ng pagtalima ni Abraham sa tawag ng Diyos.

Ang Implikasyon ng Tawag:

- may halaga, o presyo ang ginagawang pagtawag ng Diyos at ang pagtalima ng tinatawag:
 - hindi magaan ang lisanin ang bayan o lugar na iyong nilakhan at pinanirahan ng maraming taon;
 - puwede sana na magreklamo ang tinatawag (si Abraham) sa tumatawag (kay Yahweh) at sabihin na, “Ayos na ako ditto sa Haran, may mga hayupan ako, mga halaman, naririto sa Haran ang aking mga kasamahan at mga kamag-anakan, ang aking pamilya at ang angkan.
- * Subali’t walang pasubali ang tawag ng Diyos, lisanin mo ang iyong bayan, tahanan ng iyong ama at kamag-anakan at pumunta ka sa bayan na ituturo ko sa iyo.

Ang Pangako na kalakip ng pagtawag ng Diyos (Genesis 12:2)


“Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan...” Basahin ang Genesis 24:34-36 at tingnan ang katuparan ng pangako ng Diyos.

Ang Katuparan ng Pangako ay may kalakip na responsibilidad (Genesis 12:2b)

... “magiging pagpapala sa marami”

- * Ang pagtawag ng Diyos ay hindi isa lamang prebilibiyo kundi isang pananagutan “magiging pagpapala”. Ang misyon-pagtatayo ng isang bansa, at ang bansa na ito ang magiging patotoo sa kapangyarihan at kabutihan ng tumatawag.

Ang Buod:



MOISES: (1250 c)

Mula noong 1700 c inalipin sa Egipto ang lahi ni Jacob. Mula noon, dumanas sila na kaapihan sa kamay ng mga Egipcio. Sa kalagayang ito ipinanganak si Moises. Bagama’t ang Israelitas ay dumaranas ng matinding paghihirap, isang katangian nila ang mapagpahalaga sa pananampalataya ng kanilang mga ninuno at nanghahawakan sa mga pangako ng Diyos sa kanilang mga magulang.

Si Moises ay lumaki sa palasyo sa Egipto. Kaalinsabay nito, siya ay inalagaan ng sariling ina hanggang sa siya ay maging isa sa mga tagapamahala sa Egipto sa mga pagawaan. Minsan dinalaw niya ang kanyang mga kababayan, at nakita niya ang mga tiisin na dinaranas ng mga ito. Nang Makita niya na isa sa mga ito ay pinahihirapan ng isang Egipcio, piñata niya at ibinaon sa buhangin ang nabanggit na Egipcio. Nalaman ng Paraon ang nangyari, at siya ay tangka nitong ipapatay. Dahil dito, si Moises ay tumakas at nakarating sa lupain ng Median at doon niya nakilala si Zipora na nagging asawa niya.

Mga Implikasyon:

- Ang ating pagsilang sa daigdig ay hindi natin pinili. Tayo ay isinisilang na walang pagpili at pagtangi maging sa kalagayan ng pagkaalipin at paghihirap ng bayan.
- Ang “tubig ay mas mabigat kaysa sa langis”. Ito ay pinatunayan ni Moises sa usapin ng isang Hebreo at Egipcio. Kampi siya sa kanyang kababayan at kalahi, ipinagsasanggalang niya ang naaapi mula sa mang-aapi.
- Ang naggawa ng pananampalataya at pagpapahalaga sa mga pangako ng Diyos sa buhay ng pamilya ni Moises. Ito ang nagmulat sa kanya sa kalagayan ng kanyang lahi – api at alipin.

Si Moises ay naging pastor ng mga tupa ng kanyang biyenan. Samantalang itinatayo niya ang kawan ng mga tupa, nakarating siya sa Bundok ng Horeb at doon ay tinagpo siya at tinawag ng Diyos (Exodus 3). Si Moises ay hindi handa sa tawag ng Diyos. Balak lamang niya na panooring ang puno na hindi natutupok. Marami siyang ginawang dahilan at sa bawat dahilan siya ay tinutugon ng Diyos.


Mga Dapat Pansinin:

- Ang bayan ng Diyos ay alipin sa Egipto, 430 mga taon;
- Ang pagkaalipin ng mga Hebreo ay usaping may kinalaman sa:
 - a. pulitika – isang lahi, alipin ng isang lahi;
 - b. ekonomiya – gumagawa ang mga Israelitas upang buhayin ang Paraon at mga kalipi nito;
 - k. kultura – tinanggihan ng Paraon ang kahilingan ng mga Hebreo upang sila ay makapanambahan sa kanilang Diyos.

Mga Implikasyon ng Pagtawag kay Moises:

- ang tawag ay tiyak, ilalabas mo ang bayan;
- nakakatakot ang tawag ng Diyos, ito ay mapanganib sa tantiya ng tinatawag; haharap sa mang-aalipin;
- ang tumatawag ay lubhang Makapangyarihan, maraming dahilan ang tinatawag, sa lundo ng lahat, walang magagawa ang tinatawag kundi ang sumunod;
- sinubok na hingin ang kalagayan subali’t ito ay tinanggihan, dahil dito ay kalayaan nga ay hindi hinihingi kundi to ay kinukuha at inaangkin mula sa mang-aalipin.
- sa pagpapalaya ng sambayanan, magkasama ang tao at ang Diyos (Exodus 3:10, 17) “ilabas mo”, “iaalis ko”

Buod:



ISAIAS

Mula sa paglaya ng mga Israelitas sa pagkaalipin sa Egipto, kanilang sinakop at pinamayanan ang Lupang Pangako (Canaan) sa pangunguna ni Josue. Ang Israel ay nanatiling isang malayang kalipunan ng mga lipi. Pinamunuan ang bansa ng mga Hukom sa loob ng 900 na taon, B.C. Hanggang sa ito ay maging isang kaharian na pinagharian nina: Saul (1030-1010 c); David (1010-970); at Solomon (970-931 c). Nang taong 950 B.C. nahati ang Israel sa dalawang kaharian – ang Judas a Timog; at ang Israel sa Hilaga. Nagpalit-palit ang mga hari sa dalawang kaharian; may mabuti at matuwid na hari at may masama at likong mga hari na sumulpot.


Pagkalipas ng mga 50 taon, lumitaw ang mga propeta na tinawag ng Diyos tulad nina: Elias, Eliseo, Jonas, Amos, Oseas, Mikas at Isaias.

Si Isaias ay nagging propeta simula sa 791-868 B.C. Ang nagging mga hari sa panahon niya ay sina: Uzziah, Jotham, Ahaz at Hezekiah. Ang pinalitan na Hari ni Uzziah ay ang kanyang ama na nagging hari rin ng Juda na sa Amazziah, ang haring ito ay sumamba sa mga diyus-diyusan at kanyang pinagsamantalang ang kaban ng bayan at ang templo hanggang sa siya ay patayin. Kaya't nang si Uzziah ang naupo bilang hari, ang kaharian ng Juda ay nasa kalagayang hindi pa matatag. Kaya't siya ay naghanda ng hukbo at ng mga armas, pinatibay ang mga moog laban sa bansang Asiria na siyang may banta na lulusob at muling aalipin sa kanila. Ang haring si Uzziah ay interesado sa pagpapaunlad ng sakahan at agrikultura.

Ang mga Implikasyon nito:

- ang pagkakahati ng Israel sa dalawang kaharian ay tunay na nagpahina ng lakas sa dating nagkakaisang sambayanan;
- ang hindi pananatili ng kasaganaan at kapayapaan ng bayan ay bunga ng masasamang mga lider at ng hindi mulat na mamamayan;
- ang mapagsamantalang lider, matakaw sa kapangyarihan, at kayamanan ay salot sa sambayanan.

Ang patgawag kay Isaias ay mababasa natin sa Isaias 6 (basahin ang buong kapitulo).



Mga Implikasyon nito:

- ang tao sa harap ng Diyos ay marumi at makasalanan, ang tao ay walang sukat na ipagmalaking kalinisan at katuwiran sa harap ng Banal na Diyos;
- ang maruming labi ay nililinis ng Diyos, at pinapawi Niya ang karumihan. Ito ay ginagamit Niya upang ipahayag ang Kanyang kalooban sa sambayanan sa pagbibigay ng babala sa kasalanan ng tao at pagtawag sa mga tao sa pamumuhay na may katuwiran at katarungan.

Ang Kalagayan ng Juda nang tawagin si Isaias:

- Tinalikdan si Yahweh (Isaias 1:4);
- Nanganganib sa mga dayuhan (Isaias 1:7);
- Marami ang inuutang na buhay (Isaias 1:15);
- Walang katarungan (Isaias 1:17)
- Gumon sa kahalayan (Isaias 1:21)
- Suwail at matatakaw ang mga pinuno (Isaias 1:23)
- Laganap ang pagsasamantala (Isaias 3:12-15)
- Kasakimang pang-agraryo (Isaias 5:8)
- Mabibihag ang bayan bunga ng hindi pagkamulat (Isaias 5:13)

* Ang atin bang bayan ay nasa ganito ring kalagayan?

JEREMIAS (609-598 B.C.)

Si Jeremias ay naglingkod bilang propeta sa panahon ng paghahari sa Juda nina haring: Josias, Joaquin at Sedequias hanggang sa pagbagsak ng Jerusalem sa kamay ng Babilonia. Sa loob ng kanyang mahabang paglilingkood ay binalaan niya ang bayan ng Diyos tungkol sa kapahamakang darating dahil sa pagsamba nila sa diyos-diyusan at iba pang mga kasalanan. Nasaksihan niya ang katuparan nito nang ang Jerusalem ay

masakop ng Babilonia. Winasak ni Haring Nabucodnoz ang lungsod at ang templo. Itinapon sa Babilonia ang nabihag na hari ng Juda at ang maraming mamamayan.

Si Jeremias ay isang lalaking may malambot na kalooban at labis na nagmamahal sa kanyang mga kababayan. Hindi niya ibig na sumpain o hatulan ang bayan bagama't ito ay nakita niya na kailangang gawin.

Ang pagkatawag kay Jeremias ay mababasa sa Jeremias 1 (basahin ang buong kapitulo).

Ang Tawag: v.7 "Sinugo kita, humayo ka, ipahayag ang lahat ng iuutos ko sa iyo."

Ang Pangako: v.7 "Ako'y sasaiyo at iingatan kita"

Ang Pananagutan o Misyon: v.10 "Sila'y bunutin at ibagsak, lipulin at iwasak, ibangon at itatag."

Ang Panganib sa Pagmimisyon: v. 18-19 "Sasalungatin ng lahat: hari, pinuno, saserdote, buong bayan.

Ang Pangkalahatang Panawagan ng mga Propeta:

- Manumbalik sa Diyos at talikuran ang mga diyus-diyusan;
- Papaghariin ang katarungan at ang katuwiran.

BAGONG TIPAN

Ang Palestina ay sakop ng Emperyo ng Roma. Ito ay kontrolado ng mga opisyaes na Romano, katuon o kakutsaba ang mga lokal na opisyal na Hudyo at ang marurunong ng mga panahong iyon. Ang paghahari ng Emperyo ng Roma sa Palestina ay pampulitika at pang-ekonomiya. Ang mga pangkaraniwang mamamayan ay pinapatawan ng mabigat na buwis.

- "tributum" – ikaapat na bahagi ng ani ay ibinubuwis sa pamahalaan;
- "Anona" – buwis na pangsuporta sa hukbo;
- "publikum" – buwis sa mga binibili at ipinagbibiling produkto.

Buwis sa Templo:

- "didrachma" – buwis na ibinabayad ng bawa't Hudyo;
- "ikapu" – ikasampung bahagi ng kinikita.

Ang mga buwis na ito ay tinataasan pa ng mga lokal na maniningil ng buwis hanggang sa ikaapat na patong. Bumibili pa sila ng talagang pera na inihahandog sa templo sapagka't hindi maaari ang salapi na mayroong imahe ng emperador ng Roma.

Humigit-kumulang ito ang kalagayan ng mga Hudyo nang ang Panginoong Jesus ay dumating. Tatlumpong taon siya nang magsimula sa kanyang ministeryo: nagpagaling, nagturo at nangaral na ang pinakasentro ng kanyang pagtuturo ay ang Kaharian ng Diyos.

Tumawag siya ng 12 mga alagad na siya niyang nagging kasa-kasama sa pangangaral, pagtuturo at pagpapagaling. Matindi ang reaksiyon ng mga mamamayan, at maimpluwensiyang mga Hudyo, particular ang mga Eskriba, Pariseo at mga Saserdote ng templo. Nakikita nilang malalagay sa panganib ang kanilang mga interes sa uri ng pagtuturo at pangangaral ni Jesus. Binabago at binabaligtad ng Jesus na ito ang mga katuruan at kaugalian sa templo (halimbawa, ang Sabbath) at napapansin nila na ang kiling ng Jesus na ito ay ang mahihirap, mga api at pinagsasamantalahan.

Ipinako siya at pinatay sa krus, sa dalawang kadahilanan: Una, traydor sa pamahalaan (pampulitika) at pamumusong sa Diyos (pang-kultura).

Ang maliit na grupo ng mga alagad ni Jesus ay nangalat at nangatakot dahil sa kamatayan ng kanilang guro at lider. Datapuwa't ito ay pansamantala lamang, lumakas ang kanilang loob at tumapang nang kanilang maranasan at masaksihan ang pagkabuhay na mag-uli ng kanilang guro.

Araw ng Pentecostes, samantalang sila ay nagkakatipon sa isang lugar, nilukuban sila ng Espiritu Santo at binigyan ng kapangyarihan. Dito nagsimula ang isang kilusan na kung tawagin ay Tagasunod ng Daan. Dumami ang bilang

nito, naragdagan ang mga tagapaglingkod, nagkaroon ng pamunuan at hanggang sa ito ay maging isang institusyon na kung tawagin ay Iglesya hanggang sa kasalukuyan.

ANO ANG MISYON NG IGLESYA?

Ganito ang sabi ni Dr. Fely Carino,

“The Church has no ministry of its own. Its ministry is the ministry of Christ. The Church has no reason for being apart from the ministry and work that is entrusted and given to it by its Lord.”

“Ang Iglesya ay walang misyon o ministry sa ganang kaniyang sarili at para sa sarili. Ang kanyang misyon ay ang misyon ng kanyang guro at Panginoon. Ang Iglesya ay walang katuwiran na lumayo sa ministry at Gawain na ipinagkatiwala sa kanya at ibinigay ng kanyang Panginoon.”

Si Kristo ang dahilan ng pag-iral ng Iglesya. Siya ang tumawag at nagtatag dito hindi upang mabuhay at gumawa para sa Kaniyang sarili kundi upang magmisyong para sa ikabubuhay ng sanlibutan. Ang pagiging Iglesya ng Iglesya ay nawawalan ng saysay kapag siya ay hiwalay at malayo doon sa tumawag sa kaniya at kapagka siya ay hindi gumaganap sa ministry na ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon at Ulo ng Iglesya.

Si Kristo ang pinakamataas na pamantayan, ng misyon ng Iglesya, ang kaniyang buhay at gawa ang modelo at halimbawa ng tunay na misyon ng Iglesya. Ang Kanyang misyon at ministry ay kanyang binuod sa pagbasa ng Aklat ni Isaias 61:1-2, Lukas 4:18-19,

“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon
Sapagka’t hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita.
Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila ay lalaya,
at sa mga bulag na sila ay makakikita;
Upang bigyang-kaluwagan ang mga sinisiil at
Ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

DALAWANG PANANAW TUNGKOL SA MISYON

KAHULUGAN	
Ang misyon ay pagpapalawak at pagpaparami ng bilang ng kasapi ng simbahan. Ang Gawain ng simbahan ay nakatutuk sa pangangalap ng mga bagong kaanib, pagpapatatag ng samahan at ng kapatiran.	Ang misyon ng simbahan ay ang pagpapatuloy ng misyon ni Kristo, ito ay ang pagtataguyod ng pagbabago ng buhay ng tao sa anumang sistema at istruktura na umaalipin sa mga tao at humahadlang upang maranasan ng tao ang buhay na ganap at kasiya-siya.
MGA TAONG MIMISYONIN	
Ang lahat ng mga tao na nasa labas ng simbahan. Sila ay marapat na maging bahagi ng isang katawan na walang iba kundi ang Iglesya.	Ang mga nawawalang mga tupa, mga publikano, mga makasalanan, mga naghihirap, mga api at pinagsasamantalahan. Ang pangunahing layunin ay ang mahango sila sa kanilang kinasasadlakan.
ANG SAKLAW NG MINISTERYO NG SIMBAHAN	
Ang simbahan ay para sa mga bagay na pang-moral at pang-espirituwal at hindi siya dapat na makialam tungkol sa mga bagay na temporal at pangsanlibutan.	Ang daigdig ay nilikha ng Diyos na buo at hindi magkahiwalay, gayundin ang tao. Ang misyon ng Iglesya ay sumasaklaw sa kabuuang pangangailangan ng tao at ng sanlibutan.

KAUGNAYAN NG KRISTIYANO SA SANLIBUTAN	
Ang mga Kristiyano ay nararapat na pangalagaan ang kaniyang sarili sapagka't ang sanlibutan ay makasalan.	Ang mga Kristiyano ay nararapat na lumubog sa sanlibutan, upang ang sanlibutan ay magkaroon ng pagbabago. Ang mga Kristiyano ay nararapat na magmalasakit sa takbuhin at kalagayan ng sanlibutan.
ANG PANANAW TUNGKOL SA KALIGTASAN	
Ang kaligtasan ay panghinaharap. Ito ay lubos na matatamo ng tao pagkatapos ng kaniyang buhay sa daigdig na ito, sa dako na kung tawagin ay langit.	Ang kaligtasan ay matatamo ng tao maging sa buhay na ito. Ito ay ang paglaya ng tao mula sa kapangyarihan ng kasamaan at lubos na pagpapailalim sa kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos.
KAPAHAYAGAN NG DIYOS	
Ang pagpapahayag ng Diyos ay sa pamamagitan ng isang aklat na kung tawagin ay Bibliya.	Siya, ang Diyos, ay mauunawaan ng tao sa kasaysayan at sa mga karanasan.
ANG MALASAKIT	
Ang simbahan ay dapat ng pangunahing nagmamalasakit sa buhay pagkatapos ng kamatayan.	Ang higit na dapat na pagmalasakitan ay ang buhay pagkatapos ng kapanganakan ng tao sa mundong ito.

Ganito ang pahayag ng UCCP sa Misyong at Ebanghelismo,

“Ang misyon at ebanghelismo ay Gawain ng Diyos sa atin. Isang pagmamalasakit sa buhay ng tao at ng sanlibutan, sa pagpapalaya mula sa lahat ng uri ng kasalanan at mga sistema na sumisikil sa tao upang siya ay mabuhay na may kalayaan at kasaganaan. Ang misyon ay pakikibahagi sa layunin ng pag-ibig at katarungan para sa lahat. Ang misyon ay ang pagbibigay ng sarili kay Kristo at panghahawakan sa kapangyarihan at presensiya ng Espiritu Santo. Sa layunin ng pag-ibig, kalayaan, kasaganaan at katarungan para sa lahat, si Kristo ay nagging masunurin sa Ama, ibinigay ang kaniyang sarili. Sa diwang ito ang Nagkakaisang Iglesya ni Kristo sa Pilipinas ay nagbibigay ng kaniyang sarili.” (Isinatagalog)

Ganito naman ang bahagi ng UCCP Statement of Faith,

“Sumasampalataya kami na ang Iglesya ay katawan ni Kristo, ang kalipunan ng mga ipinakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ni Jesukristo at pinagkatiwalaan ng ministeryo ni Jesus. Sumasampalataya kami na ang Diyos ay patuloy na gumagawa upang ang bawat tao ay magkaroon ng bagong buhay kay Kristo at ang buong sanlibutan ay maging Kaniyang Kaharian. Na ang Kaharian ng Diyos ay naroon:

- kung saan ang pananampalataya kay Jesukristo ay ipinahahayag;
- kung saan ang pagpapagaling sa mga maysakit ay isinasagawa;
- kung saan ang pagpapakain sa mga nagugutom ay nagaganap;
- kung saan ang pagbibigay liwanag sa mga bulag ay nangyayari;
- kung saan ang pagpapalaya sa mga nabibilanggo at inaapi ay natutupad;
- kung saan ang pag-ibig, katarungan, at kapayapaan ay umiiral.

Mikas 6:6-8, Amos 5:21-24, Isaias 32:16-18, Mateo 23:23

ANG UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES: ISANG PANGKASAYSAYAN PAGTANAW*

ni Obispo Eliezer Pascua

Ang United Church of Christ in the Philippines ay pormal na naitatag noong ika-25 ng Mayo, 1948. Matapat na tumatalima sa Mabuting Balita ni JesuKristo, ang UUCP ay itinataguyod sa ilalim ng atas ng Dakilang Pagsusugo: "Humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa, bawtismuhan sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa Lahat ng ipinag-uutos ka sa inyo: Tandaan ninyo: ako'y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." (Mateo 28:19-20) ayon sa simulain ng ministeryo ni Jesus na:

"Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon
Sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral
sa mga dukha ang Mabuting Balita. Sinugo
niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila'y lalaya;
at sa mga bulag na sila'y makakakita;
upang bigyang kluwagan ang mga sinisiil at
ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon."
(Lucas 4:16-19)

Siya'y may mga suliranin dala ng pagkatao ng kanyang mga kasapian. Datapuwa't ang mga problema niya'y hindi nakabawas at di kailanman makapagbabawas na kanvang kasigasigan sa pagsunod kay Kristo at sa pagkamasugid ng kanyang pamunuan upang "ipangaral ang Mabuting Balita sa kapanahunan at di kapanahunan" at sa "pagsunod sa batas na Dios kaysa sa batas ng tao."

Ang kanyang kinabukasan ay maaaring hindi "kasingdami ng mga buhangin" subalit, tiyak na "kasingliwanag ng mga pangako ng Diyos."

SULYAP SA KASAYSAYAN

Ang mga iglesiyang nagsanib noong 1948 para mabuo ana United Church of Christ in the Philippines ay nadala at naipunla sa bansang ito noong mga unang taon ng pananakop ng mga Amerikano. Ang mga Iglesiyang nagsugo ng mga misyonero sa ating bansa ay malaon nang nakatatag sa Estados Unidos, subalit ang mga ito mismo ay mga immigrant churches, bilang nagmula sa England, Scotland at Germany tungong U.S.A. Ang limang pinagmulang iglesia ay ang Methodist Episcopal Church, ang Presbyterian Church, ang United Brethren Church, ang Congregational Church at ang Church of Christ (Disciples). At lahat ng ito'y tumatanaw ng pinagmulan sa unang iglesia kristiana sa pamamagitan ng Iglesia Romano Katoliko.

Ang mga misyonerong dumating sa Pilipinas sa panahong nabanggit ay mga masusugid na bunga ng Reformation. Dumating silang nakahanda upang humikayat sa mga-Romano Katoliko gayon din sa mga Buddhist, Hindus, Muslims at mga spirit-worshippers para sa Pananampalatayang Protestante: ang pananalig sa Diyos na inihayag sa pamamagitan ni JesuKristo sa Banal na Kasulatan.

Bagama't marubdob ang kanilang pananampalataya, hindi nila nai na palawigin pa ang kalituhang dulot ng pagkakaiba-iba ng denominasyon ("scandal of denominationalism") sa bamsang ito. Kaya't noong 1901, binuo ng mga misyonero ang Evangelical Union na ang layunin ay magtaguyod ng isang "diwang magpapahinto sa kompetisyon at pairalin ang pag-uunawaan/pagtutulungan para sa pagsusulong ag pinagkakaisahang Gawain." Ang Evangelical Union na sa simula'y binubuo ng mga misyonero ay kinabibilangan na rin ng mga Pilipinong lider ng iglesia simula 1921 hanggang ito'y mapalitan ng isang kapulungang nagluwal sa National Council of Churches in the Philippines (NCCP).

Kinikilala ng mga kaanib ng Evandelical Union na mayroong dalawang uri ng pagkakaisang kristiano; yaong bunga ng paggasanib ng dalawa o higit pang mga iglesia para mabuo ang isang bagong iglesia; at kooperasyon ng iba't-ibang mga iglesia sa pagtataguyod ng mga tiyak na gawain sa pamamagitan ng mga federation o councils. Itinaguyod nila kapwa ang dalawang uring ito: ang pakikisanib sa mga nais sumama; at pakikisa/kooperasyon sa

ibang mga pambansang kapulungan ng mga iglesia. Ang mga sumusunod ay naglalahad ng mga hakbanging humantong sa pagsasanib na nagluwal sa United Church of Christ in the Philippines,

MGA IGLESİYANG NAGSANIB

Sinimulan ni Bishop Thoburn ang Methodist Episcopal Church noong siya'y dumalaw sa Pilipinas mula sa India. Siya ang namahayag ng unang sermone protestante sa bansa noong ika-2 ng Marso, 1889; at ipinagtagubilin kina Mr. and Mrs. Arthur Prauch ang pamamahala ng panimulang gawain ng Methodist sa bansa. Sa simula ng 1900 dumating ang unang mga misyonerong Metodista: sina Rev. Thomas H. Martin at Rev. and Mrs. McLaughlin.

Pagkaraan ng sampung taon dumanas ng pagkakahati ang iglesiyang ito hinggil sa paggigiit ng kakayahang mamuno ng mga Filipino, bagay na naging dahilan para maitatag ang Iglesia Evangelica Methodista en Las Islas Filipinas (IEMELIF). Nagpasimula ito sa Tondo at naging isang matatag na iglesia.

Ang isa pang pagkakahati noong 1923 ay may kinalaman sa isyu ng pagsasarili (autonomy) na hinihiling ng mga Metodistang Filipino sa loob ng pangkalahatang Kumperensya ng Methodist Episcopal Church as Estados Unidos ng America. Ito'y humantong sa paghiwalay ng isang grupo na nagtatag ng Philippine Methodist Church, na sa bandang huli ay sumanib sa ibang mga iglesiyang bumuo sa United Church of Christ in the Philippines.

Sang-ayon sa comity agreement, nakalaan sa Methodist Episcopal Church ang mga lalawigan ng Bulacan, Tarlac, Nueva Ecija, Nueva Vizcaya, at Ilocos Sur (timog ng Vigan).

Sinugo ng Presbyterian Church ng Estados Unidos sina Rev. and Mrs. James B. Rodgers sa Pilipinas noong Abril, 1899 bilang kanilang unang misyonero. Nanirahan sila rito sa loob ng apatnapung taon. Di-gaanong nagtagal at sumunod na dumating sina Dr. and Mrs. George V. Wright at Dr. and Mrs. David S. Hibbard, na siyang nagpundar ng isang maliit na industrial school na siya namang nagging Silliman University.

Inilaan sang-ayon sa comity agreement sa mga Presbyteriano ang gawain sa mga probinsiya sa Luzon na nasa timog ng Maynila, Masbate, Cebu, Leyte, Bohol, Oriental Negro, at Samar.

Ang Church of the United Brethren in Christ ay nagsugo kay Rev. K.S. Eloy at Rev. Sandford Kurtz bilang mga unang misyonero nito noong Abril, 1901. Ito'y inilaan (ayon sa comity agreement) sa La Union at sa Mountain Province kung saan nakapagtatag ito ng matatag na iglesia. Naging Evangelical United Brethren Church at sumanib sa mga Metodista at nabuo ang United Methodist Church of USA noong 1960's gayon ma'y patuloy pa rin itong sumoporta sa mga proyekto kapwa ng United Methodist Church at ng United Church of Christ in the Philippines.

Si Hermon P. Williams naman, isang chaplain ng U.S. army noong digmaang Kastila-Amerikano ang unang misyonerang hinirang ng Church of Christ (Disciples) ng Amerika, datapwa't sina Mr. and Mrs. W. H. Hannah ang mga misyanero na unang nakapagbukas ng Gawain. Dumating sila sa Maynila noong 1ka-3 ng Agosto 1901, samantalang ang mga Williams ay dumating noong Disyembre ng parehong taon. Bukod pa sa mga missionary sa Maynila, nakapagtatag sila ng ibang mga stations sa Hilagang Luzon, partikular sa Vigan, Laoag, at Aparri.

Isinugo ng Congregational Church si Rev. Reobert P. Black bilang unang misyonero nito noong 1902. Tumahan siya sa Davao at di naglaon ay naitatag ang mga iglesia sa baybayin ng Mindanao - mula sa Jolo islands sa timog hanggang sa Surigao sa silangan. Nagbukas ng gawain ang mga Congregationalists sa hilagang Mindanao noong 1915. Ana mga namumukod-tanging misyonero ay sina Rev. and Mrs. Frank C. Laubach na nagbukas ng gawain sa mga MusLim sa Lake Lanao. Dito na nalinang at naitatag ni Rev. Laubach ang isang literacy program na naging kilala sa buong daigdig. Hindi ipinagdiin ang denominasyonalismo, kundi itinaguyod ang interes ng kilusang ebangheliko sa kabuuan.

KILUSAN TUNGO SA PAGSASANIB

Samantalang hindi lahat ng iglesiyang kasama sa Evangelical Union ay magkakasinglakas ng pagnanasang makisanib, nanatili iyong isang mithiin/layunin ng samahan. Noong 1909, humirang ang Evangelical Union ng isang komite para bumalangkas at gumawa ng batayan ng pagsasanib para sa mga iglesiyang kabilang ditto. Samantalang ang ibang Metodista ay masugid na nagtataguyod sa pakikisanib sa ibang mga iglesiya, ang iba nama'y ayaw bumitaw sa kaniLang kaugnayan (connectionalism) sa ibang Metodista sa ibang bansa.

Noong 1921, waring ang mga balak ng limang iglesia ay hindi matutupad. Kaya't napagkaisahan na ang mga may nais at handa na ay magbuklod na, datapwa't hayaang bukas ang pintuan para sa ibang sasali. Ang unang pagtugon ng pagsanib ay mula sa mga Presbyteriano ng Lanao area at sa mga Congregationalist sa area ding iyon. Lumawak ang kilusan at nakisama na rin ang lahat ng mga Presbyteriano at Congregationalist sa buoag Pilipinas. Ang paanyaya para sa pagsanib ay ipinadala sa United Brethren Church, mga kristianong Piliipino na humiwalay sa Prebyteriano sa pangunguna ng mga kabataang lider mula sa maraming denominasyo noong 1942 para ipakilala ang posibilidad na pagsasanib - ang Union Church of Manila, ay inimbitahan din.

Pagkatapos ng mahaba-habang pakikipagtalastasan, tatlong mga iglesia, ang Presbyterian, ang Congregational, at ang United Brethren at ang United Church of Manila ay inanyayahan at idinaos ang isang asembleya sa Maynila. Noong ika-29 ng Marso, 1929 ang saligan ng pagsasanib ay pinagtibay at sumilang ang United Evangelical Church.

Lumakas at tumatag ang bagong iglesia taun-taon at naging mas maigting at malalim ang diwa ag pagkakaisa.

Makalipas ang apat na taon, nangyari naman na ang ilang maliliit na denominasyon at mga di-Romanong Katolikong samahan ay nagpulong noong 1932 at kanilang itinatag ang Iglesia Fvangelical Unida de Cristo.

IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Hindi lamang winasak ng ikalawang digmaang pandaigdig ang bansa; niyanig din nito ang mga pundasyon ng mga iglesia. Pinangalat ng giyera ang mga pangkat ng United Evangelical Church at naging halos imposible ang pag-ugnayan sanhi ng digmaan. Bukod pa rito, ang pangkat relihiyoso ng mga sundalong Hapones ay nag-utos sa mga di-Katolikong iglesia na sumali sa Federation of Evangelical Churches sa ilalim ng kanilang pangangasiwa.

Isang bago at mas malaking Evangelical Church sa Pilipinas ay binuo noong 1943. Pinagsama rito ang mga kaanib ng United Evangelical Church of the Philivpines, na itinatag noong 1929 at ang Church of Christ (Disciples), ang Iglesia Unida de Cristo, isang bahagi ng IEMELIF - Ang Iglesia Evangelica Nacional, ilang kongregasyon ng Philippine Methodist Church at ilan ding bilang ng mga Independent local congregation. Ang mga denominasyong hindi sumali ay ang Methodist Episcopal Church, ang Baptist Church, ang Christian Missionary Alliance, at ang Philippine Episcopal Church.

Napakalaking kapinsalaan ang ginawa ng digmaan. Sinira nito ang maraming ari-arian ng mga iglesia; pumatay ng maraming kaanib ng iglesia; nagpahina ng loob at nagpagulo sa mabuting asal ng tao.

Ang isa pang bunga ng digmaan ay ang pagkakawatak-watak ng katatatag na Evangelical Church in the Philippines. Isang pangkat sa Visayas at Mindanao sa ilalim ni Rev Reonardo Dia ay nagpundar at itinatag muli ang United Evangelical Church in the Philippines sa mga lugar na iyon.

PAGKATATAG NG UNITED CHURCH

Sanhi ng kahirapan at poot na dulot ng digmaan waring nagging hindi kaayaaya na ipagpatuloy ang pagsasanib ng mga iglesia sa mga unang taon pagkatapos ng digmaan. Ngunit pinaghilom ng panahon ang mga sugat at ginising ng biyayang kristiano ang mga puso ng tao.

Noong ika-25 ng Mayo, 1948, 167 kinatawan buhat sa tatlong kapulungan ng iglesia ang nagpulong sa Ellinwood MaLate Church. Ang mga ito ay ang Evangelical Church, ang Philippine Methodist Church at ang United Evangelical Church in the Philippines. Bawat kapulungan ay nag-ulat na ang kani-kanilang nasasakupang pangkat ay sumasang-ayon na tanggapin ang saligan ng pagsasanib at sumali sa bagong iglesia. Kaya sumilang ang United Church of Christ in the Philippines. Ang mga bagong pamunuan ay: General Evangelist - si Rev. Hugh Bousman; General Treasurer - Jose L. Navarro; General Secretary - si Rev. Stephen L. Smith; Bishop for Mindanao - Proculo A. Rodriguez; Bishop for Southern Luzon – Cipriano Navarro; General Secretary at Bishop for Northern Luzon – Enrique C. Sobrepeña.

Ang mga programang pangasiwaan ng bagong tatag na iglesia ay nagpakilala ng kanyang mga malasakit sa larangan ng paglilingkod: Mission, Evangelism, Christian Education at Public Welfare.

1. Mission: Naabot na ng UCCP ang maraming minority groups sa bansa na umaasang mahihikayat sila sa pananampalatayang Cristiano-Chinese, Muslims at mga cultural minorities.

2. Evangelism: Ang ibang mga kongregasyon ay mabisa sa pagtatag ng mga "outreach station" ang "preaching-points" na matiyaga nilang pinaglilingkuran, at unti-unting nabubuo bilang bagong iglesia ng mga masisiglang kristiano. Nakibahagi na rin ang UCCP sa maraming evangelist crusades na dumating sa bansang ito mula sa ibang bansa.
3. Christian Education: Nakapaglinang ang UCCP ng kanyang programa ng kindergarten, nursery schools, Sunday Schools, Youth Groups, student work at Adult Bible classes. Malaki rin ang pakikibahagi nito sa mga ganitong programa sa pamamagitan ng National Council of Churches at ng naunang kapuluagan nito.
4. Public Welfare: Ang dalawang nayo na paglilingkod sa komunidad kung saan higit na masigasig ang UCCP ay ang pagtatayo ng schools at colleges at paglalaan ng medical services. Ang isa pang larangan ay sa agricultural at development; community organizations for urban-development; at ang paglilipat ng tirahan ng mga slum-dwellers.

Ang United Church of Christ in the Philippines ay isang Iglesiasang ecumenical. Ang kanyang saligan, layunin at pagtatapat ay ang pagsasanib (organic unity). Ang pagsasanib ay mukhang mahirap maabot dahil sa maraming kadahilanan. Ang pangunahin sa mga ito ay ang malakas na diwa ng denominasyonalismo na siyang pinairal pa rin hanggang ngayon ng maraming lider ng iglesia Proteatante sa bana.

Ganon man, nakatalaga ang United Church of Christ in the Philippines sa pagsasaliksik at pagsusulong ng pagkakaisa.

Ang UCCP ay kaanib sa konsilyo ng mga sumusunod na kapulungan:

1. National Council of Churches in the Philippines (NCCP)
2. Christian Conference of Asia (CCA)
3. World Council of Churches (WCC)
4. World Alliance of Reformed Churches (WARC)
5. World Methodist Council (WMC)
6. World Methodist Church (as autonomous affiliated church)
7. Christian Peace Conference (CPC)

Likas sa UCCP ang kanyang ecumenical commitment. Kaya hindi madali sa UCCP na tumanggi sa mga kalahok sa programang isinasagawa ng mga di-ecumenical na grupo. Masakit sa ating loob pag ginagawa natin ito dahil sa ating paninindigang ecumenical. Ngunit wala tayong ibang magawa liban sa ating tanggapin at ingatan ang dignidad ng ating pagiging ekumenical.

*Ito'y mula sa UCCP Calendar Planbook and Directory 1985-86 na malayang isina-Pilipino ni Rev. Eliezer Pascua para higit na mapakinabangan lalo ng mga layko ng iglesia. Ang pagtalakay dito'y kaugnay ng Circuit Rally ng mga UCM, CWA at CYF ng ikalawang distrito ng Batangas (Agosto 18, 1985)

ANG PANANAMPALATAYA NG UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES

Sumasampalataya Kami

Sa iisang Diyos, Tagapaglikha, Manunubos, at Tagapag-alalay sa pamamagitan Niya at sa Kanya, lahat ng nilikha ay nakatagpo ng kaayusan, layunin, kahulugan at katuparan.

Kay Hesukristo, Siya'y naging tao at sa pamamagitan ng kanyang buhay, kamatayan at pagkabuhay na muli ay naghari bilang Makapangyarihang Panginoon ng buhay at kasaysayan.

Sa Banal na Espiritu, Siya ay narito sa sanlibutan, nagbigay kalakasan sa mga mananampalataya upang ipamuhay ang kanilang pananampalataya at patnubayan sila tungo sa isang pang-unawa sa salita ng Diyos kay Hesukristo.

Ito ang lisang Diyos na aming sinasamba at tinatawag na Ama, Anak at Banal na Espiritu.

Sumasampalataya Kami Na

Ang mga tao ay nilikha sa wangis ng Diyos, pinagkatiwalaan sa sangnilikha ng Diyos, itinalaga sa isang pamayanan na kasama ng iba pa at mayroong pakikipag-ugnayan.

Ang mga tao ay dapat makibahagi sa paglikha ng isang makabuluhan at makatarungang lipunan, ipinahahayag ang kanilang mga sarili sa kultura, tumatanaw at gumagawa para sa isang magandang kinabukasan.

Sumasampalataya Kami Na

Ang Iglesya, ay katawan ni Kristo, ang pamayanan ng mga taong pinapagkasundo at pinagkatiwalaan ng ministeryo ni Hesus. Ang buhay kay Hesukristo ay ipinahahayag sa pamamagitan ng pakikibahagi sa buhay at ministeryo ng Iglesya.

Sumasampalataya Kami Na

Ang Banal na Kasulatan, ang Luma at Bagong Tipan, ay isang matapat na saksi sa kapahayagan ng Diyos sa Kanyang sarili sa kasaysayan ng Kanyang bayan at sa buhay ng mga tao.

Bilang pinili at kinasihang kasangkapan, ito ay tumatanglaw, gumagabay, nagtutuwid at nagtuturo sa Kanyang bayan sa kanilang pananampalataya at pagsaksi.

Sumasampalataya Kami Na

Ang Diyos ay gumagawa upang lubusin ang Kanyang gawain na pagtubos sa pamatnagitan ng pagkasi sa bawa't tao tungo sa isang bagong katauhan at ng buong sanlibutan tungo sa kanyang kaharian.

Ang kaharian ng Diyos ngayon ay naroon sa kung saan:

*Ang pananampalataya kay Hesukristo ay ipinahahayag;
Ang pagpapagaling ay ibinibigay sa mga may karamdaman;
Ang pagkain ay ibinibigay sa mga nagugutom;
Ang liwanag ay ibinibigay sa mga bulag;
Ang kalayaan ay ibinibigay sa mga bihag at mga inaapi;
Ang pag-ibig, lcatarungan at kapayapaan ay namamayani.*

Sumasampalataya Kami Na

Ang pagkabuhay na muli ni Hesukristo ay nagpapatunay na ang kapangyarihan ng kamatayan ay napagtagumpayan na.

Mayroong buhay maging sa kabila ng kamatayan at tumitingin kami sa panahon na Si Hesukristo ay muling magbabalik. Sa katapusan ay titipunin ng Diyos ang lahat ng kanyang mga Anak, bibigyang kaganapan ang kanyang kaharian, at gagawing bago ang lahat ng nilikha.

ANG TRINITARYONG SALIGAN

ni: M.L. Aoanan

Sumasampalataya Icami

- pagbibigay-diin sa ating pagkaunawa sa iglesya;
- pagpapatotoo ng pag-alinsunod sa kautusang banal sa panalangin ni Hesus na "sila nawa'y maging isa ... upang ang sanglibutan ay magsisampalataya" (Juan 17:21)
- kapahayagan ng ating sama-samang pamumuhay bilang komunidad ng mananampalataya.

Sa iisang Diyos: ang Manlilikha; ang Manunubos, at ang Tagapagtaguyod.

- nagpapahiwatig ng ating malinaw na pagpapatibay sa Trinitaryong saligan ng Iglesya
- pagpapahayag ng ganap na pagsunod sa iisang Diyos
- bilang Manlilikha, siya ang sukdulang pinagmumulan ng lahat ng lakas at lahat ng kaayusan sa sangnilikha; ang kahulugan ng lahat ng buhay ay nagmumula sa Kanya.
- bilang Tagapagtaguyod, Siya ang nagbibigay-katiyakan na ang mabuhay ay may kahulugan at may layunin.
- bilang Manunubos, Siya ay isang mapagpalayang Diyos na nasa ating panig; nasa ating kalagitnaan, umaalalay, tumutulong, nagpapalakas at nagpapalaya.

Kay HesuKristo, Siya ay nagkatawang-tao at naghahari bilang makapangyarihang Panginoon ng buhay at ng kasaysayan.

- isang dakilang gawa ng pagliligtas ng Diyos, na sa kaniya tayo ay naging bagong nilalang.
- pagpapatibay na si HesuKristo ay isang makasaysayang tauhan; na siya ang dakilang guro ng etikal na relihiyon na nakikilala ng sanglibutan; na siya ang pinakamalinalaw na kapahayagan ng kalooban ng Diyos para sa buhay ng sangkatauhan.
- Si HesuKristo ang nagpahayag kung sino ang Diyos at kung maaring maging/magawa ng tao sa pamamagitan niya. Siya ang kasukdulan ng ating buhay.
- nagbukas ng pinto para sa mapanghamon, may layunin, at masaganang pamumuhay sa pamamagitan ng wastong pakikipag-ugnayan sa ating kapwa sa bigkis ng kalooban at pag-ibig ng Diyos.
- nagbukas ng pinto para sa mapagpatawad na pag-ibig upang maharap ang malulubhang suliranin ng sanglibutan.

sa Espiritu Santo, na sumasa-sanglibutan, na nagbibigay kapangyarihan at gumagabay sa mga mananampalataya upang maunawaan at maisapamuhay ang kanilang pananampalataya kay HesuKristo.

- siyang bumibigkis sa buhay ng iglesya, bilang isang organikong katawan.
- ang Diyos ay laging gumagawa sa buhay ng kanyang bayan upang matubos sa kasalanan at maiangat sila sa bagong antas ng buhay at ng kahulugan nito.
- ang Diyos ay laging gumagawa sa sanglibutan; ang Diyos ay laging gumagawa sa komunidad ng mga mananampalataya.

Ang pananampalataya sa Espiritu Santo ay pananalig na ang kamay ng Diyos ay laging nasa ating mga balikat na nagnanais na akayin tayo sa tunguhin ng Kanyang lubos na kalooban para sa atin at sa ating buhay. Ang pananampalataya sa Espiritu Santo ay pananalig na ninanais ng Diyos na magbigay ng kaayusan mula sa kalituhan at kaguluhan ng ating kasaysayan. Ang pananampalataya sa Espiritu Santo ay pananalig na ang Diyos ng nakaraan at kasalukuyan ay siya ring Diyos ng hinaharap.

SA WANGIS NG DIYOS

ni: L. Dingayan

Ang tao ay nilikha sa wangis ng Diyos

- ang tao ay tumutukoy sa babae at lalaki, o lalong wasto ay sa buong sangkatauhan.
- ang kaisipang ito ay isang pagtutol sa tinatawag na divine rights of kings at sa diktadurang kaayusan.
- Ito ay nangangahulugang ang bawa't tao ay dapat magbigay wangis sa Diyos, magsagawa at magpahayag ng kalooban at daan ng Diyos.
- ang paglabag dito ay magbubunga ng mga pagdurusa sa marami. Aug pamumuhay na tulad sa Diyos ay paglalantad ng mala-demonyong kapangyarihan upang ang tao ay mamuhay na tulad ng hayop.

Makasalanan

- isang pagtutol sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa lipunan.
- ang pagbagsak at pagdurusa ng mga tao ay nag-uugat sa kaniyang pagtanggap magtiwala at sumunod sa Diyos.
- ang pagkilala ng mabuti at masama ay nangangahulugan ng pagkaalam ng lahat, at ang magnasa nito ay mangangahulugang magnasang maging Diyos, na upang manatiling gayon ay maghatid sa pagsakop at pagsasamantala sa kapwa.
- ang pagiging makasalanan ng tao ay nalalantad di lamang sa antas na indibidwal, kundi sa ugnayan ng mga bayan at mga bansa, sa mga sistema at mga istraktura ng lipunan.
- ang kasalanan ay tumutukoy sa ugnayan ng tao sa sarili, sa Diyos, sa kapwa, at iba pang nilikha. Ang kasalanan ay indibidwal, nguni't maroon ding panlipunang antas.

Itinakdang mamuhay Sa komunidad na kasama ng Diyos at ng kapwa tao.

- sa ating pakikipag-ugnayan sa isa't-isa at sa ating Diyos nakasusumpung ang ating pagkatao ng kahulugan at kaganapan.
- ang kaisipang ito ay pagtutol sa anomang anyo ng pang-aalipin, na nag-aalis ng ating kalagayan bilang tao, o nagpapababa ng ating pag-katao.
- ang pamumuhay bilang isang komunidad ay inilarawan ng unang iglesya kung saan ang lahat ng kanilang tinatangkilik ay binabahabahagi ayon sa pangangailangan ng bawa't isa.

Pinagkatiwalaan ng sangnilikha ng Diyos

- ang tao ay katiwala ng Diyos, mapanagutan upang paunlarin ang sangnilikha, at maglingkod sa kapwa. Ang pagiging katiwala ay dapat nating unawain sa liwanag ng ating kaugnayan sa kapwa.
- ang kapwa tao ay di kabilang sa mga dapat supilin, kundi dapat igtalang at pangalagaan bilang kapwa katiwala ng Diyos.
- Tinawag upang makibahagi sa pagtatatag ng makahulugan at makatarungang kaayusang panlipunan.
- ang tao ay binigyan ng Diyos ng kakayahan at karapatang mag-isip, magsuri, magnilay, magpasya, at kumilos para sa kanyang sarili.
- ang tao ay marapat maging aktibong nakikibahagi sa paglikha ng kasaysayan, sa paghubog ng hinaharap ng sangkatauhan. Ang pagkakait ng karapatang ito ay pagkakait ng ating tunay na pagkatao.- isang pagtutol sa pagkakait ng karapatan bilang tao.
- ang malasakit sa tao ay higit kaysa alinmang istraktura at kaayusang pangrelihiyon at panlipunan.

ANG BAHAGI NG BIBLIYA

N. Capulong

Ang Bibliya ay ang tala ng kaugnayang Diyos at ng kanyang piniling bayan, na isinaayos sa tanghalan ng pampulitika, panlipunan, at relihiyosong kasaysayan ng tao, na natatala sa iba't-ibang anyo ng panitikan na nag-uugat sa kultura at partikular na kasaysayan ng bayan ng Diyos.

Ang Tatlong Paraan ng Pag-unawa sa Bibliya.

1. Teolohikal

Ang Bibliya ay salita ng Diyos, at isang saksi sa at pagpapatibay ng pananampalataya sa Diyos na inihahayag ng mga pahina into. Ang Bibliya ay isang kasulatang naglalaman ng malalim na pagninilay-teolohikal ng bayan ng Diyos, ng kanilang kapahayagan ng pananampalataya sa Diyos na kanilang kinikilala bilang tanging Panginoon at manlilikha ng langit at lupa at bilang dakilang hukom at nagpanibagong-likha ng lahat. Ipinahahayag din nila ang pananampalataya sa Diyos na gumagawa sa kasaysayan upang iligtas at palayain ang mga inaapi, naparito upang makiisa sa kanyang bayan.

2. Tekstuwal

Ang bawa't pampanitikang anyo ay naglalarawan ng partikular na salalayang kultural at sitwasyong pangkasaysayan kung saan ang salita ng Diyos ay itinutuon, upang sa huli ay datnin natin ang mensahe ng teksto.

3. Pangkasaysayan

Ito ay isang talang kasaysayan ng bayan ng Diyos; kasaysayan ng mga kaisipan at ng pananampalataya.

Ang Bibliya ay isang saksi ng sariling pagpapakahayag ng Diyos at sa pagtatagpo ng banal at ng tao. Dito nakikita ng tao ang presensya, pagkilos, katangian at layunin ng Diyos. Ito ay matapat na tala at saksi sa pagtatagpo ng Diyos at ng tao na naganap sa tanghalan ng kasaysayan.

Ang Bibliya ay nagtutuon ng pansin sa pangyayaring nagpapahayag ng presensya at layunin ng Diyos, at ang pangyayaring yaon ay siyang nagiging tagapagdala ng mensahe ng Diyos sa kanyang bayan. Ang pangyayari ay pinagbabalikan upang makapagbigay ng kahulugan na may mahalagang implikasyon sa buhay ng bayan ng Diyos; upang makapagturo at humamon sa kanila tungo sa matapat at mapanagutang buhay kaugnay ng Diyos. "Ang mga natatalang pangyayari ay di lamang mga payak na katotohanan kundi mga binihisan ng mga interpretasyon ng mga manunulat ng Bibliya. Dapat nating tandaang ang interpretasyon ang nagpagiging pangyayari sa isang pangyayari.

Ang Bibliya ay isang interpretasyon ng kasaysayan. Ang kasaysayan ay isang malayuning paglalantad ng kapangyarihan ng Diyos sa mga pangyayari at bayan. Gayundin, ang mga kasulatan ay naglalahad ng ebalwasyon ng mga tugon ng bayan ng Diyos sa Kanyang mga hinihingi sa daloy ng kanilang kasaysayan.

Ang Bibliya ay maituturing na isang kinasihang instrumento ng Diyos, di dahil sa perpekto ang paggkasulat. Ang pagkasi ay mula sa Diyos habang inihahayag niya ang kaniyang sarili sa nilalaman ng bawa't aklat ng Bibliya, at habang kanyang nililinaw sa mambabasa ang pagiging nasa kanyang presensya, habang pinasisimula niya sa mambabasa ang proseso ng pagbabago ng pagkatao, isang konbersyon, na umaakay sa kaniya upang italaga ang buhay ayon sa kalooban ng Diyos na nabasa sa kasulatan at inililiwat sa kanyang sariling buhay sa kasalukuyang pamumuhay at kasaysayan. Ang Bibliya ay isang kasangkapan at biyaya ng Diyos sa atin upang bigyang kakayahan tayo na lalong maunawaan ang mga bagay tungkol sa kanya at upang maisagawa natin ang kanyang kalooban dito sa sanglibutan. Layunin nitong buksan ang ating mga paningin sa maraming mga pagkakataon sa paglilingkod sa mga aktibong pakikisangkot sa buhay ng ating lipunan. Layunin nito na linangin ang pagiging sensitibo natin sa mga nagaganap sa ating kasaysayahn at sa presensya ng Diyos at sa tunguhin ng Kanyang pagkilos sa lipunan. Tinatawag siya nito upang makibahagi sa gawain ng Diyos sa kaniyang lipunan, sa pakikibaka upang tamuhin ang Kaharian ng

Diyos dito sa lupa. At hinahamon siya nito upang angkinin ang ministeryo ni Jesus na kaniyang sarili, kahit maghatid ito sa kaniya sa krus.

Ang Bibliya ay marapat pag-aralang sama-sama yamang ito ay kaloob ng Diyos sa kanyang bayan.

Ang Siyentipiko-Kritikong Paraan ng Pag-aaral ng Bibliya.

Ang pamamaraang ito ay nangangahulugan kailangan nating matutuhan ang kaunting kasaysayan ng Israel, maging pamilyar sa mga nayo ng panitikan sa Bibliya. Sa proseso ng pag-unawa natin ng konteksto at ng mensaheng inihahayag nito, ay naaakay din tayo sa proseso ng pagsusuri ng ating sarili at ng kasalukuyang sitwasyon. Dito ay nakikita natin ang mga punto ng paglalapat sa buhay at sa mga suliranin ng lipunan. Nakikita natin ang pagkakatulad ng mga pangyayari at ng mga tugon ng tao, at marahil, ng parehong kahingian ng Diyos. Mula dito ay nakakukuha tayo ng higit pang implikasyon na umaakay sa panibagong pag-asa at pagtatalaga, gayundin ng pagsisisi at pagpapanibagong buhay bilang tugon sa salita ng Diyos na narinig mula sa partikular na salaysay.

Ang Kapangyarihan ng Bibliya.

Ang kapangyarihan ng Bibliya ay dapat makita sa kakayahan nito bilang instrumento ng Diyos upang magbago sa buhay ng mga tao, at sa kapangyarihan nito upang maikintal sa tao ang pangitain at ang diwa ng kanyang pagtawag. Gayunman dapat nating tandaan, na pagkatpos nating makita ang bahagi ng Bibliya sa ating pananampalataya, tanging ang Diyos kay Cristo Jesus ang tanging kapangyarihan sa ating buhay.

TUNGO SA ISANG BAGONG PAGKATAO AT ISANG BAGONG SANGLIBUTAN

F.V. Cariño

Ang ikalimang artikulo sa Kapahayagan ng Pananampalataya ay misyolohikal at direksiyonal. Inihaharap nito ang buhay ng Kristianong komunidad at ng mananampalataya sa mga bagay na nagaganap sa labas ng komunidad at sa marapat gawin ng iglesya at ng Kristiano kaugnay ng sanglibutan na kaniyang pinaninirahan. Ito ay nagnanais na makapagbigay ng oryentasyon at layunin sa mga pagkilos at mga anyo ng kaasalang maaring isagawa ng iglesya at ng Kristiano bilang kapahayagan ng kanilang buhay, at gawain sa sanglibutan. Sa proseso, ito ay nagbibigay din ng pahiwatig sa mga mithiing maaring bigyang-laman ng iglesya sa kaniyang pakikisalamuha sa kaloob ng mas maLawak na komunidad kung saan marapat niyang gawain ang pagsaksi.

Ang Diyos na Patuloy na Gumagawa.

Ang Diyos na ating sinasampalatayan ay isang Diyos na gumagawa. Ang kapangyarihan ng Diyos ay isang kapangyarihang kasangkot sa daloy ng kasaysayan ng kaniyang bayan at ng boong sangnilikha. Ang kanyang paglikha, pagtubos at pagtataguyod ay hindi humihinto, kunti patuluy ang gawain ng Diyos. Kaya, ang ating buhay bilang tao, bilang mananampalataya, at bilang kaanib ng iglesya ay dapat maging katugma ng patuluyang pagkilos ng Panginoon, upang ang ating gawain ay makita sa liwanag ng Kanyang gawain. Ito ang batayan kung bakit ang pananampalataya ay di lamang pagsang-ayon sa kalipunan ng doktrina kundi ang aktibong pakikitugma ng ating buhay at ng lahat nating ginagawa sa aktibo at kasalukuyang kalooban ng Diyos yamang ito ay patuloy na gumagawa sa sanglibutan.

Aug pananalig na ang Diyos ay gumagawa sa ating buhay at sa ating daigdig ay sentral sa tradisyon ng Repormasyon at sa boong saklaw ng pananampalatayang biblika. Sa gitna ng kasaysayan ng bayan ang Diyos ay lumitaw na siyang pangunahing kumikilos sa paglikha, pagtubos, pagtataguyod at pagtulak sa bayan tungo sa lupang pangako at sa pangakong hantungan..

Ang Dios ding ito ang ating pinag-uusapan sa pagsasabing "sumasampalataya kami na ang Diyos ay gumagawa upang gawin ang bawa't tao na bagong nilalang kay Kristo at ang boong sanglibutan na Kanyang kaharian." Ang katotohanang siya ay patuloy na gumagawa ang pumipilit sa atin upang gumawa rin. Ang katotohanang siya ay gumagawa sa kasalukuyan ay pumipilit sa ating tingnan ang ating kasalukuyang buhay at daigdig ng mapanglikha at kritiko upang makita natin kung saan siya gumagawa, sino ang kaniyang kasama sa paggawa. Ang ating gawain ay sa Diyos at ang ating daigdig ay sa Diyos.

Isang Bagong Nilalang at Isang Bagong Daigdig.

Ang tunguhin, ang mithiin ng pagkilos ng Diyos ay gawing bagong nilalang ang bawa't tao at ang boong sanglibutan na Kanyang Kaharian.

Ang gawing bagong nilalang ang bawa't tao at ang sanglibutan ang Kanyang kahatian ay dapat makita bilang panghinaharap (eschatological) na pangyayari. Ito ang lubos na kaganapan at pinakahuling pangyayari sa gawa ng Diyos. Ang pagiging bagong nilalang at ang bagong sanglibutan ay dapat makita na isang proseso ng paglikha na nakapagitan sa kasalukuyang katotohanan at sa panghinaharap na kaganapan.

Kaya walang makapagmamalaki o magsasadiwa ng trayumpalismo, iglesya man o Kristiano, tungkol sa pagiging bagong nilalang o bagong sanglibutan. Ang ating makikita ngayon ay pawang mga tanda ng presensya at kapangyarihan ng ganitong katotohanan sa ating buhay at sa gitna ng ating kasaysayan. At ang mga tandang ito ay nakikipagtunggaling kapahayagan sa daang tungo sa lubos kaganapan ng kabaguhan ng personal at panlipunang buhay ayon sa pangako ng Diyos na siyang gawa ng mapagpalang kalooban Niya para sa atin. Mahalaga ring ating pansinin ang katotohanang ang paggawa ng Diyos ay may personal at panlipunang antas. Kaya ang paggawa ng Diyos ay di lamang sa pagbabago ng bawa't tao kundi sa pagpapanibagong likha ng lipunan at ng boong sanglibutan kasama ang mga istraktura at ang huwaran ng pag-uugnayan ng bansa sa bansa, ng kapangyarihan, sa kalikasan, at sa ekonomiya ng panahon, kakayahan, kaalaman, mga bagay, makapagkukunan at mga pakinabang.

Ang pagiging bagong nilalang ng isang tao kay Cristo ay di lamang an pagtanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, kundi pagbabago ng boong pagkatao na naglalantad at nagpapakita ng bagong oryentasyon, bagong layunin, bagong pagtatapat, bagong ugnayan, at bagong kapangyarihan tungo sa patuluyang pagbabago, pagsisipi at kapatawaran. Ang pagiging bagong nilalang kay Kristo ay nangangahulugang inalagaan at lumulusog sa uri ng pamumuhay na ipinakita ni Kristo na nagiging kapahayagan ng bagong uri at kapangyarihan para sa buhay ng sanglibutan. Ang mga tanda ng pagiging bagong nilalang na nalalantad sa buhay ay ang pag-ibig, katarungan at katuwrian, kalayaan at kapayapaan, ganap na kaunlaran at kaganapan. Kaya'y kung saan ito ay isinasabuhay, dito nagsisimulang pangalagaan at palusugin ang pagiging bagong nilalang kay Kristo.

Ang simbolo ng Kaharian ng Diyos ay nagbibigay-diin sa kaanyuang pulitikal ng mithiin ng Diyos sa sangkatauhan at sa katangiang pulitikal ng misyon ng iglesya sa sanglibutan. Ang kaharian ng Diyos ay simbolong ginamit ni Jesus upang ipahayag ang natatanging layunin at inaasahan ng Diyos para sa sanglibutan. Ito ang kahariang ipinahahayag ng iglesya bilang lubos na kaganapan ng kanyang pag-asa at kaligtasang nasa sanglibutan. Kaya ang saklaw ng ministeryo ng iglesya ay ang saklaw ng kaharian ng Diyos, at di natatalian ng mga hangganan ng kasalukuyang kaayusang panlipunan. Dahil dito, ang misyon ng iglesya bilang saksi sa Kaharian ay nalalagay sa pagitan ng nabubulok at nakikibakang sanglibutan at ng kahingian at pangako ng Kaharian. At ang mga kahingian at pangakong ito ng kaharian ang nagtatakda ng kanilang paggawa at pakikiisa, na siyang dahilan ng pakikipagtunggali sa kasalukuyan.

Ang Mga Tanda ng Presensya ng Kaharian.

"Ang Kaharian ng Diyos ay naroon" (hindi nagiging ganap) ay isang paglilinaw na ang kaganapan (fulfillment) ay di posibilidad sa kasalukuyang panahon, ni hindi saklaw ng ministeryo ng iglesya; kundi tanging sa gawa at panahon ng Diyos. Ang pagka-naroon (presence) ng Kaharian bilang katotohanan at bilang kapangyarihan sa kasalukuyang daigdig ang dahilan ng pagkatawag sa iglesya upang sampalatayanan at magbigay patotoo sa pamamagitan ng kanyang buhay at gawain.

Aug mga tanda ng presensya ng Kaharian ng Diyos ay mga pagkilos, mga pangyayaring kung saan binibigyang hugis at kapahayagan ang layunin ng Diyos sa sanglibutan, maging sa pamamagitan ng iglesya o hindi man.

Ang mga tandang binabanggit sa ating Kapahayagan ng Pananampalataya ay tumutuon sa mga matitingkad na tema at isyu sa ating kasalukuyang pamumuhay.

ANG KABILANG BUHAY

S.D. Eduarte

Ang Katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang ating pananampalatayang si HesuKristo ay nabuhay na mag-uli ay isang pangigiit na dinaig niya ang kamatayan at nagbigay-katiyakan sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang pananampalatayang ito ay umaakay sa atin na magtuon sa kahulugan ng pagkabuhay na mag-uli sa ating kasalukuyang buhay. Ito ay nagbibigay sa atin ng malusog na pananaw sa kamatayan, na bagama't ito ay bahagi ng kalikasan ng buhay, ay hindi naman siyang pinakahuling hantungan ng ating kalagayan.

Maraming mga masasalimuot na usapin sa bagay na ito. Subali't ang mahalagang usapin ay ang pananampalataya o di pananampalataya sa pisikal na pagkabuhay na mag-uli; na dito tayo ay nananampalataya.

Ang Buhay sa Kabila ng Kamatayan.

Ang buhay sa kabila ng kamatayan ay walang kaugnayan sa imortalidad. Ang imortalidad ng kaluluwa ay di ayon sa Biblia, kundi paniniwalang pagano. Sa pananampalatayang Kristiano, ang buhay na walang hanggan ay isang uri ng buhay na ipinamumuhay para sa Diyos dito at sa kabilang buhay. Ang buhay na pinayaman sa pag-ibig ng Diyos, binubuhay ng layunin ng Diyos, at kumikilos tungo sa lubos na kaganapan ng plano ng Diyos ay siyang buhay na walang hanggan.

Si Kristo ay Muling Paririto.

Ang pananaw Kristiano hinggil sa pagparito ni Kristo ay sinasaysay sa Gawa 1:9-11 kung saan ipinahihwatig na ang pagbabalik ni Kristo ay tulad din ng kanyang pag-akyat sa langit: nasa kanyang katawan, biglaan, at magbibigay-wakas sa lahat ng kawalang katarungan at kasalanan; at isasama ang lahat ng mga banal upang maging kasama niya sa langit magpakailanman.

Ang Pag-asang Kristiano.

Ang paglitipon ng kanyang mga anak sa kaharian ay nangangahulugang ang Diyos ay magiging kasama ng kanyang bayan sa isang komunidad kung saan ang mga karupukan at limitasyon ng mga tao ay magiging bagay na lamang ng nakalipas. Ang presensyang ito ng Diyos sa gitna ng mga tao ang nagbibigay kaganapan sa plano ng Diyos para sa Bagong Panahon.

Sinasampalatayanan ni Pablo na ang pagbabalik ni Kristo ay nagaganap sa kanyang boong buhay, na dahil dito ang paghihintay sa kanyang pagparito ay di dapat maging dahilan upang maging tamad at mapagwalang-bahala sa hamon ng buhay sa sanglibutang ito.

Kaya, ang pananampalataya sa kanyang muling pagparito ay hindi dapat magduyan sa atin sa pagwawalang-bahala at pagiging kuntento sa pagharap sa suliranin ng tao at ng lipunan. Sa halip, ito ay dapat magpasigla sa atin sa higit na handa at mapakilahok na buhay sa patuluyang pakikibaka para sa dignidad ng tao, sa makataong karapatan, at sa pagiging buhay at naisasagawa ng katarungan sa ating kaayusang panlipunan. Ito ay pagsasa-kongkreto ng kahulugan ng pananampalataya sa pagbabalik ng Panginoon. Hindi tayo dapat laging nakatuon sa langit, na dahil dito ay walang magawang buti sa sanglibutan.

PAG-UNAWA SA BIBLIYA

- * Ang Bibliya ay Salita ng Diyos, datapwa't kahit basahin natin ito ng maraming beses, hindi agad-agad nating maaasahan na ipaabot ng Diyos ang mensahe sa atin. Dapat nating tuklasin ang katotohanan ng may kasigasigan at dapat natin itong tuklasin na kasanna ang iba pang mga mananampalataya.
- * Ang ibang mga tao ay nagbubukas ng Bibliya ng biglaan sa kaisipan na ang unang talata na kanilang matatagpuan ay tiyakang magbibigay sa kanila ng Salita na kinakailangan nila sa sandaling yaon. Hindi ito ang paraan ng pagtugon ng Diyos sa ating mga pangangailangan.
- * Ang mensahe ng Bibliya ay hindi tumatagos maliban na tayo'y makibahagi sa karanasan ng mga pamayanan o komunidad na kung saan ang mga aklat na ito ay nagsimula — ang karanasan ng bayang pinili, ang mga babala ng mga propeta, ang mga malasakit na nahubog mula sa mga mananampalataya, ang mga krisis sa kanilang buhay na nagbunsod sa kanila na lumago sa pananampalataya, ang pagdating ni Jesus, ang Kanyang buhay, kamatayan at pagkabuhay na muli.
- * Dapat nating tanggapin ang Bibliya kung paanong ang ating iglesia ay inuunawa ito.

Kapag nagbabasa ka ng Bibliya, alalahanin mong:

- * Hindi ikaw ang unang nakabasa ng Bibliya at nakaunawa ng Salita ng Diyos.
- * Ang bawa't Salita ay kinasihan ng Diyos para sa mga tao sa mga kongkretong kalagayan. Isipin kung ano ang naisin ng Diyos na kanilang maunawaan. Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo? Huwag mong isipin na ang anomang Salitang iyong matatagpuan sa Bibliya ay tutugon sa partikular mong pangangailangan.
- * Huwag tingnan ang lahat ng literal. Ang mga may akda ng Bibliya ay gumamit ng mga simbolo o mga imahe at mga kapahayagang natatangi sa kanilang kultura. Kapag binasa natin ang Bibliya ngayon, dapat tayong pumasok o makilahok sa kulturang yaon at unawain ang konteksto ng mensahe.
- * Ang Diyos ay nagpahayag ng mensahe sa maraming tao — mula kay Abraham hanggang sa mga Apostol — ng mahigit sa isang libong taon. Hindi itinuro ng Diyos ang lahat ng kagyat o madalian.
- * Ang Bibliya ay dapat unawain sa diwa ng pag-ibig ng Diyos na ipinahayag sa buhay ni Jesus — ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay — at kung anong Mabuting Balita ang idinulot nito sa mga tao.
- * Ang pinakamahahalagang bagay tungkol sa buhay ay malinaw na itinuro sa Bibliya. Gayunpaman, ang mga ito'y nakasulat sa isang partikular na panitikang pamamaraan o istilo ng pagsusulat na maaring di pamilyar o di pangkaraniwan sa atin. Huwag mong bayaang ang mga di pamilyar o di maunawaang pangungusap ay magpalabo sa kung ano ang malinaw na at pundamental o mahalaga.
- * Basahin ang Bibliya ng may katapatan. Sa wastong pagkakataon, iyong mauunawaan ang mensahe nito para sa'yo.
- * Pag-aralan ang Bibliya na kasama ang iba pa. Sa ganitong paraan, ang iyong pag-unawa sa Salita ay lalong magiging makabuluhan.
- * Ang ating pangunahing tungkulin sa pag-unawa o pagpapaliwanag sa Bibliya ay upang pagdugtugin ang nakalipas at ang kasalukuyan, kung paanong ang pananampalataya ay maipapamuhay sa kasalukuyan. Ang kahulugan o pag-unawa ay hindi sapat at kumpleto kung hindi ito maisasagawa.

Mayroong iba't-ibang pamamaraan ng pag-aaral ng Bibliya kung paaanong mayroon ding iba't-ibang uri ng mga tagapanguna o lider at mga tao na siyang nagsasagawa at namamahala ng pag-aaral ng Bibliya. Gayunpaman, bago ituro ng lider ang ano mang pamamaraan sa ano mang grupo, ang katanungang, "Bakit pinag-aaralan ang Bibliya?", ay dapat munang talakayin.

Buhay na Salita ng Diyos

Salita na nagpapahayag ng isang bagay mula sa bumigkas nito. Kaya, kapag sinabi nating ang Bibliya ay "*Salita ng Diyos*", ang sinasabi nati'y ito'y nagpapahayag ng tungkol sa Diyos -- layunin ng Diyos, kalooban, kalikasan at mga katangian.

Ang Bibliya ay “buhay” pagka’t sa kabila ng ito’y naisulat mahigit na isang libong taon na ang nakalipas, nagpapatuloy itong magpahayag ng mga buhay na mensahe para sa atin ngayon. Patuloy itong nagsasalita sa ating mga buhay.

Ang Bibliya ay Salita ng Diyos na nagpapahayag ng buhay sa atin.

Pagpapatotoo ng Pananampalataya

Ang Bibliya ay isang pagpapatotoo ng pananampalataya ng isang sambayanan mula sa kanilang kultura ang makasaysayang karanasan. Ito’y isang nakasulat na patotoo ng buhay, karanasan at pananampalataya.

Kuwento ng Paghihirap at Pag-asa

Ang Bibliya ay kuwento ng paghihirap at pag-asa na sinulat mula sa pananaw ng mga inusig na nakibaka upang maging matapat sa kanilang Diyos. Ito ay kuwento ng isang sambayanan na tumitingin sa kanilang paghihirap sa ilalim ng mga makapangyarihang emperyo sa diwa ng kanilang pananampalataya sa Diyos.

Nakasulat na Pagtutol

Ang Bibliya ay nakasulat na pagtutol ng isang sambayanan laban sa umiiral na kaayusang panlipunan na pinangingibabawan ng pang-aapi at paghahari ng mga bansa o bayan (Exodo); idolatriya ng mga pinunong pulitikal (Mikas 3); pagkukunwari ng mga pinunong relihiyoso (Amos 5; Mateo 23). Tinutulan ng sambayanan ang pagsalansang sa Paghahari ng Diyos at ang pananaw hinggil sa bagong langit at bagong lupa (Isaias 65).

Tipan o Testament

Ang Bibliya ay isang Tipan sapagka’t Ito ay isang mayamang pamana mula sa Diyos at ang mga karanasan ng tao sa Diyos.

Tinipong mga Aklat

Ang Bibliya ay tinipong mga aklat ng iba’t-ibang mga manunulat at may akda na sumulat ng may iba’t-ibang layunin sa iba’t-ibang panahon para sa iba’t-ibang mambabasa sa bob ng tinatayang 2,000 taon.

ANG LITURHIYA

A. Katuturan

Ang liturhiya (leitourgia), sa matandang Atenas, ay nangangahulugan ng paglilingkod sa bayan ng isang tao sa kanyang sariling gastos.

Sa relihiyong gamit, ito ay nangangahulugang ang sinasalita at ginagawa sa pampublikong pananambahan, o ang kaayusan sa pagsamba at rituwal.

B. Mga Katangian ng Pagsamba

1. Ang pagsamba ay pangunahing iniuukol sa Diyos, at gayundin naman, iniuukol sa isa’t-isa sa kongregasyon.
2. Ito ay dapat na gawing may boong paggalang; kaya ang mga pagkilos ay mahalaga.
3. Dito ay walang pagtatangi ng mga tao.
4. Sa pagsambang espirituwal ay walang tanging lugar na kinakailangan.

K. Pamantayan sa Pagsamba

Ang tunay na pagsamba ay kinakailangang 1) lumuluwalhati sa Diyos, at 2) nagpapatibay sa mga nagsisisamba. (Basahin ang I Corinto 10:23; 14:3 sumusunod, 12, 17,26).

D. Nilalaman ng Karaniwang Liturhiya

1. Tawag sa Pagsamba:
 - a. Pahayag na ang pananambahan ay magsisimula na, o pagpapalitan ng pagbati sa pagitan ng tagapanguna at kongregasyon.
 - b. Mga talata sa Bibliya na nagbibigay-diin sa pagkilos ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan, na siyang nagbibigay-katuwiran para sa masaya at mapagpasalamat na pagdulog sa harap ng Diyos.
2. Pagsisisi (Panalangin o Litanya)
 - a. Nasa pangunahing bahagi upang gisingin ang makasalanang damdamin sa pagitan ng pagninilay sa kabanalan ng Diyos.
 - b. Nasa huling bahagi bilang pagkilala sa katotohanang ang pagkakilala sa kabutihan ng Diyos ay siyang umaakay sa tao sa pagsisisi.
3. Mga Awitin. Ito ay nararapat na katugma ng tema o paksa.
4. Ang Sinasampalatayanan o Kredo. Ito ay ang kapahayagan ng pananampalataya na inuusal upang pangalagaan ang kadalisayan ng Iglesya.
5. Ang Sermon. Ang pasalitang pagpapahayag ng Salita ng Diyos.
6. Mga Panalangin
 - a. Imbokasyon - panalangin ng paghiling sa presensya ng Espiritu Santo.
 - b. Pasasalamat - karaniwang ginagamit sa pag-aalay ng mga handog at sa pagdulog ng mga may tanging pasasalamat.
 - k. Pagtatalaga - karaniwang ginagamit sa huling bahagi, sa pagtatalaga ng kapulungan sa paghayo at patuloy na paglilingkod.
 - d. Pastoral - naglalaman ng mga malasakit ng iglesya. Hindi ito nangangahulugang manggagawa o pastor ang mananalangin. Ito ay panalanging pastoral at hindi panalangin ng pastor.
7. Paghahandog. Ang iba't-ibang anyo ng paghahandog sa Lumang Tipan ay ang mga sumusunod.
 - a. Handog na susunugin (eolah) - ang lahat ay para sa Diyos
 - b. Handog na butil (minchah) - tulong sa pangangalaga ng ministeryo
 - k. Handog pangkapayapaan (shelamim) - sakripisyo ng pakikipagkomunyon sa Diyos at sa kapwa too.
 - d. Handog para sa kasalanan (asham o chattoth) - ukol sa pagsisisi at sa ikapagpapatawad ng kasalanan.

E. Mga Pantulong sa Pagsamba

1. Arkitektura ng Bahay-sambahan. Ang iglesya ay ipinahahayag ng bahay-sambahan; at ipinakikilalang ito ay para sa kasalukuyan.
2. Mga Simbolo
 - a. Sa pakilos na paraan ay ang mga rituwal at elemento sa mga sakramento.
 - b. Ang mga simbolo ay di-pasalitang paraan ng komunikasyon na karaniwang inilalagay na tila dekorasyon sa bahay-sambahan. Ang ilan dito ay ang mga sumusunod:
 - (1) **isda (ICHTUS)** - Ito ay nangangahulugang "Si HesuKristo ang Anak ng Diyos na Buhay".
 - (2) **Titik Griyego ng alpha at omega** - Ito ay nangangahulugang si HesuKristo ang una at ang huli, ang simula at ang wakas.
 - (3) **Daong (ark)** - Ito ay nangangahulugan naman ng Iglesya.
 - (4) **Krus** - Ito ay naglalarawan ng Nabuhay na Mag-uling Kristo.
 - (5) **Mga Kulay sa Kalendaryong Kristiyano.**

Pagdatal o Advento - apat na Linggo bago sumapit ang Pasko -Kulay Ube

Christmastide (Disyembre 25 - Enero 5) - Kulay Puti

Epiphany (Enero 6 - Miercoles de Ceniza) - Kulay Puti

Kuwaresma (Lent) - Miercoles de Ceniza hanggang Sabado de Gloria) - Kulay Ube

Eastertide (Linggo ng PaglCabuhay hanggang Pentecostes) - Kulay Puti

Pentecost Sunday - Kulay Pula

Pentecostide (Pentecostes hanggang bago sumapit ang huling Linggo ng Agosto) Kulay Pula o Berde

Kingdomtide (huling Linggo ng Agosto hanggang bago sumapit ang Advento) Kulay Berde

G. Mga Positibong Aspeto ng Liberal na Liturhiya

1. Ito ay nagsisimula sa kinaroroonan o kasalukuyang kalagayan ng mga tao.
2. Ito ay mapanglikha.
3. Ito ay gumagamit ng kontemporaryong mga pananalita,
4. Ito ay gumagamit ng mga simbolong pakilos (action symbols).
5. Ito ay tunay na leitourgia o mga gawa ng mga tao o bayan.

ANG BAWTISMO

Ang bawtismong Kristiyano ay nakaugat sa ministryo ni Jesus ng Nazareth, sa kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli. Ito ay isang paglahok kay Kristo, ang Panginoong napako at muling nabuhay; ito'y isang pagpasok sa Bagong Pakikipagtipan sa pagitan ng Diyos at ng kanyang sambayanan. Ang bawtismo ay isang kaloob mula sa Diyos, at isinasagawa sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu. Itinala ni San Mateo na ang nabuhay na Panginoon, nang sinusugo ang Kanyang mga disipulo sa sanlibutan, ay nag-atas sa kanila na mag-bawtismo (Mateo 28:18-20). Ang pandaigdigang pagsasagawa ng bawtismo ng Apostolikong Iglesya mula noong una pa ay pinatutunayan sa mga liham sa Bagong Tipan, ang mga Gawa ng mga Aspotol, at ang mga sinulat ng mga Ama. Ang mga iglesya ngayon ay nagpapatuloy sa pagsasagawa nito bilang isang ritwal ng pagtatalaga sa Panginoon na nagpapataw ng kanyang biyaya sa kanyang sambayanan.

ANG KAHULUGAN NG BAWTISMO

Ang bawtismo ay ang tanda ng bagong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo. Pinag-iisa nito ang binawtismuhan kay Kristo at sa mga tao. Ang Bagong Tipan at ang liturhiya ay nagbubukas ng kahulugan ng bawtismo sa iba't-ibang anyo o larawan na ipinahahayag ng kayamanan ni Kristo at ang mga kaloob ng Kanyang kaligtasan. Ang mga anyo o larawang ito kung minsan ay iniuugnay sa mga simbolikong gamut ng tubig sa Lumang Tipan. Ang Bawtismo ay "pakikilahok sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo (Roma 6:3-5; Colosas 2:12); isang pagbibigay liwanag ni Cristo (Efeso 5:14); isang pagbibihis muli kay Kristo (Galacia 3:27); isang pagpapanibago ng Espiritu (Tito 3:5); ang karanasan ng kaligtasan mula sa baha (I Pedro 3:20-22); isang paglalakbay mula sa pagkaalipin (I Corinto 10:1-2) at ang kalayaan tungo sa bagong katauhan na kung saan ang mga hadlang ng paghahati-hati, maging kasarian o lahi o katatayang panlipunan ay naiigpawan (Galacia 3:27-28; I Corinto 12:13). Ang anyo ay marami nguni't ang katotohanan ay iisa.

Pakikilahok sa Kamatayan at Muling Pagkabuhay ni Kristo

Ang bawtismo ay nangangahulugan ng pakikilahok sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesukristo. Si Jesus ay lumusong sa ilog ng Jordan at binawtismuhan sa pakikipagkaisa sa mga makasalanan upang matupad ang lahat ng kabanalan o katuwiwrang (Mateo 3:15). Ang bawtismong ito ay nagbunsod kay Jesus tungo sa landas ng pagiging Nagdurusang Lingkod, na ipinahayag sa kanyang paghihirap, kamatayan at muling pagkabuhay (Marcos 10:38-40, 45). Sa bawtismo, ang mga Kristiyano'y inilulubog sa mapagpalayang kamatayan ni Kristo kung saan ang kasalanan nila'y inililibing, kung saan ang matandang Adan ay ipinako kasama ni Kristo, at kung saan ang

kapangyarihan ng kasalanan ay sinisira. Kaya yaong mga binawtismuhan ay di na alipin ng kasalanan, kundi malaya na. Ganap na nakaugnay sa kamatayan ni Kristo, sila'y inililibing kasama Niya at iniaahon dito at ngayon sa isang bagong buhay sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo, nagtitiwala na sila rin sa katapusan ay magiging isa sa Kanya sa muling pagkabuhay ng tulad sa Kanya (Roma 6:3-11; Colosas 2:13; 3:1; Efeso 2:5-6).

Pagpapanibago, Pagpapatawad at Paglilinis

Ang bawtismo na siyang sanhi upang ang mga Kristiyano ay maging kabahagi sa ministeryo ng kamatayan ni Kristo at muling pagkabuhay ay nagpapahiwatig ng pagtanggap sa kasalanan at pagpanibago ng puso. Ang bawtismong isinagawa ni Juan ay bawtismo rin ng pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan (Marcos 1:4). Ang Bagong Tipan ay nagbibigay-diin sa etikal na implikasyon ng bawtismo sa pamamagitan ng pagkasagisag nito bilang paglilinis na naghuhugas sa katawan ng dalisay na tubig, isang paglilinis ng puso sa lahat ng kasalanan, at isang gawa ng pagbibigay-katuwiran (Hebreo 10:22,1 Pedro 3:21; Mga Gawa 22:16; I Corinto 6:11). Kaya, yaong mga nabawtismuhan ay pinatawad, nilinis at pinaging-banal ni Kristo, at binigyan bilang bahagi ng kanilang karanasang bawtismo ng bagong etikal na pananaw sa ilalim ng paggabay ng Banal na Espiritu.

Ang Kaloob ng Espiritu

Ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa buhay ng mga tao bago pa, at matapos ang kanilang bawtismo. Ito rin ang espiritu na nagpahayag kay Jesus bilang Anak (Marcos 1:10-11) at nagpalakas at nagbigkis sa mga disipulo sa Pentecoste (Mga Gawa 2). Ang Diyos ay nagkaloob sa lahat ng nabawtismuhang nilalang ng kadalisayan at pangako ng Banal na Espiritu, nagtatanda sa kanila ng tatak at nagtanim sa kanilang mga puso ng unang bugso ng kanilang pagmamana bilang mga anak ng Diyos. Ang Banal na Espiritu ay nangangalaga sa buhay ng pananampalataya sa kanilang mga puso hanggang sa lundo ng paglaya kapag sila'y papasok na sa ganap na pag-aari, tungo sa pagpupuri sa kaluwalhatian ng Diyos (II Corinto 1:21-22, Efeso 1:13-14).

Pagpapaloob sa Katawan ni Kristo

Isinasagawa bilang pagsunod sa ating Panginoon, ang bawtismo ay tanda at tatak ng pagiging disipulo. Sa pamamagitan ng bawtismo, ang mga Kristiyano ay dinadala sa pakikipag-isa kay Kristo, sa isa' t-isa at sa iglesya ng baw't panahon at lunan. Ang ating iisang bawtismo na nagbubuklod sa atin kay Kristo sa pananampalataya, kung magkagayon ay iisang salalayang bigkis ng pagkakaisa. Tayo ay iisang sambayanan at tinawag upang tanggapin at paglingkuran ang isang Panginoon sa baw't lugar at sa buong sanlibutan. Ang pakikipag-isa kay Kristo na ating ibinabahagi sa pamamagitan ng bawtismo ay may mahalagang kahulugan para sa kaisahang Kristiyano. "Mayroong...iisang bawtismo, isang Diyos at Ama nating lahat..." (Efeso 4:4-6). Kapag ang bawtismong kaisahan ay naganap sa isang banal, katoliko, apostolikong Iglesya, isang tunay na pagsaksing Kristiyano ang magagawa sa nagpapagaling at mapagkasundong pag-ibig ng Diyos. Dahil dito, ang ating iisang bawtismo kay Kristo ay naghahayag ng isang pagkatawag sa mga iglesya upang makaigpaw sa kanilang mga paghahati-hati at hayag na ipadama ang kartilang pagkakapatiran.

Ang Tanda ng Kaharian

Ang Bawtismo ay nagpapanimula sa katotohanan ng bagong buhay na ibinigay sa gitna ng kasalukuyang sanlibutan. Nagbibigay ito ng pakikibahagi sa pamayanan ng Banal na Espiritu. Ito ay isang tanda ng Kaharian ng Diyos at ng buhay ng sanlibutan na darating. Sa pamamagitan ng mga kaloob ng pananampalataya, pag-asa at pag-ibig, ang bawtismo ay mayroong dinamiko o pagkilos na yumayakap sa buong buhay, sumasaklaw sa lahat ng mga bansa, at umaasa sa araw na kung saan ang baw't panambitan ay maghahayag na si Hesukristo ay Panginoon ng kaluwalhatian ng Diyos Ama.

BAWTISMO AT PANANAMPALATAYA

"Ang Bawtismo ay kapwa kaloob ng Diyos at ang ating makataong tugon sa kaloob na ito." Ito ay tumatanaw sa isang paglago sa sukat ng kataasan ng kaganapan ni Kristo (Efeso 4:13). Ang pangangailangan ng pananampalataya para sa pagtanggap sa kaligtasang nakapaloob at itinatakda sa bawtismo ay kinikilala ng lahat ng iglesya. Ang pansariling pagtatalaga ay kailangan para sa mapanagutang pag-anib sa katawan ni Kristo.

Ang Bawtismo ay kaugnay hindi lamang ng panandaliang karanasan, kundi ng panghabambuhay na paglago kay Kristo. Yaong mga nabawtismuhan ay tinawag upang magbulay sa kaluwalhatian ng Panginoon habang sila ay binabago ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na maging tulad Niya, na mayroong palagiang kagandahan (II Corinto 3:18). Ang buhay ng Kristiyano ay marapat na maging isang nagpapatuloy na ugnayan, datapwa't isa ring patuloy na karanasan ng biyaya. Sa bagong ugnayang ito, ang nabawtismuhan ay namumuhay para sa kapakanan ni Kristo, ng Kanyang Iglesya at ng sanlibutan na kanyang minamahal, habang sila'y naghihintay ng may pag-asa para sa kapahayagan ng bagong sangnilikha ng Diyos at para sa sandali na ang Diyos ay siyang kalahatan (Roma 8:18-24; I Corinto 10:22-28, 49-57).

Habang sila ay lumalago sa Kristiyanong buhay ng pananampalataya, ang mga nabawtismuhang mananampalataya ay nagpapakita na ang sangkatauhan ay maaring mapabuti at mapalaya. Sila ay mayroong iisang tungkulin, dito at ngayon, na sama-samang sumaksi sa Ebanghelyo ni Kristo, ang Tagapagpalaya ng lahat ng tao. Ang konteksto ng iisang pagsaksiing ito ay ang Iglesya at ang sanlibutan. Sa boob ng pagsasamang ito ng pagsaksi at paglilingkod, ang mga Kristiyano ay nakakatagpo ang ganap na kabuluhan ng bawtismo bilang kaloob ng Diyos sa buong sambayanan. Gayundin, kanilang kinikilala ang bawtismo, bilang bawtismo sa kamatayan ni Kristo, ay mayroong etikal na kahulugan na di lamang tumatawag para sa pansariling kabanalan, kundi nagbubunsod rin sa mga Kristiyano na magpunyagi para sa katuparan ng kalooban ng Diyos sa lahat ng aspeto ng buhay (Roma 6:9 ff; Galacia 3:27-28; I Pedro 2:21-4).

ANG GAWAING BAWTISMO

Pagbabawtismo sa mga Mananampalataya at mga Sanggol

Bagama't ang posibilidad na ang pagbabawtismo sa sanggol na ginagawa din sa apostoliko ay di maihihiwalay, ang bawtismo matapos ang pansariling pagpapahayag ng pananampalataya ay isang pinakamalinaw na pinatutunayan ng mga dokumento sa Bagong Tipan.

Sa daloy ng kasaysayan, ang pagsasagawa ng bawtismo ay nalinang sa iba't-ibang kaanyuan. Ang ibang mga iglesya ay nagbabawtismo ng mga sanggol na dinadala ng mga magulang o ng tagapangalaga na handang dalhin ang mga bata sa pananampalatayang Kristiyano ng Iglesya. Ang ibang Iglesya' y sarilinanang isinasagawa ang pagbabawtismo ng mga nananampalataya na personal na nagpapahayag ng pananampalataya. Ang ilan sa mga iglesyang ito ay hinihikayat ang mga sanggol o bata na ihaharap at pagpapalain sa isang gawain na kadalasa'y kinapapalooban ng pagpapasalamat para sa kaloob na sanggol at gayundin ng mga pagtatalaga ng ma at ama sa pagiging Kristiyanong magulang.

Lahat ng iglesya ay nagbabawtismo ng mga nananampalataya na mula sa ibang relihiyon o mula sa pagiging di-mananampalataya na tumatanggap sa pananampalatayang Kristiyano at nakikilahok sa katekismong alituntunin.

Ang pagbabawtismo sa mga mananampalataya at sa mga sanggol ay kapwa ginaganap sa iglesya bilang pamayanan ng nananampalataya. Kapag ang sinoman na makatutugon para sa kanyang sarili ay nabawtismuhan, ang isang pansariling kapahayagan ng pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng gawain ng pagbabawtismo. Kapag ang sanggol ay binabawtismuhan, ang personal na tugon ay gagawin sa hinaharap pa ng buhay. Sa parehong kalagayan, ang binawtismuhang tao ay dapat lumago sa pagkaunawa sa pananampalataya. Para doon sa mga binawtismuhan matapos ang kanilang paghahayag ng pananampalataya, laging mayroong namamalaging pangangailangan na nagpapatuloy na paglago ng personal na tugon sa pananampalataya. Sa bahagi ng mga sanggol, ang pansariling tugon ay inaasahan sa hinaharap pa, at ang pangangalagang Kristiyano ay itinutuon sa pagtatamo ng kapahayagang yaon. Lahat ng bawtismo ay nakaugat sa at nagsisiwalat ng katapatan ni Kristo hanggang kamatayan. Ito ay nakaangkop sa kalagayan ng buhay at pananampalataya ng Iglesya, at sa pamamagitan ng pagsaksi ng kabuuang Iglesya, nakatuon sa katapatan ng Diyos, ang saligan ng lahat ng buhay sa pananampalataya. "Sa baw't bawtismo ang buong kapulungan ay muling pinagtibay ang kanyang pananampalataya sa Diyos at nangangako na maglalaan ng isang kapaligiran ng pagsaksi at paglilingkod". Ang bawtismo, kung gayon, ay dapat laging ipinagdiriwang at binubuo sa kalagayan ng Kristiyanong pamayanan.

"Ang bawtismo ay isang di-mauulit na gawa." Ano mang gawi na maaring matawag na "muling pagbabawtismo" ay dapat iwasan.

Bawtismo - Pagtatalaga - Pagpapatibay

Sa gawa ng Diyos na kaligtasan, ang maseremonyang hiwaga ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo ay di-maihihiwalay sa pentekostal na kaloob ng Banal na Espiritu. Gayundin, ang pakikilahok sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo ay, di-maihihiwalay sa pagtanggap sa Espiritu. Ang bawtismo sa kabuuang kahulugan nito ay kapwa nagpapahiwatig at umaapekto.

Ang mga Kristiyano'y nagkakaiba-iba sa kanilang pag-unawa kung saan ang tanda ng kaloob ng Espiritu ay matatagpuan.

Ang iba't-ibang pagkilos ay naging kaugnay na sa pagkakaloob ng Espiritu. Para sa ilan, ito na mismo ang ritwal ng tubig. Para sa iba, ito ay pagpapahid na may pagtatalaga at/o pagpapataw ng mga kamay, na tinawag ng maraming iglesya na kumpirmasyon o pagpapatibay. Sa iba naman, ito ay ang kabuuan ng tatlong yaon, yamang nakikita nila ang Espiritu na kumikilos sa kabuuan ng ritwal, Lahat ay sumasang-ayon na ang bawtismong Kristiyano ay sa tubig at sa Banal na Espiritu.

Tungo sa Nagkakaisang Pagkilala sa Bawtismo

Ang mga iglesya ay unti-unting kinikilala ang bawtismo ng isa't-isa bilang ang iisang bawtismo kay Kristo nang si Hesukristo ay ipahayag na Panginoon ng kandidato o, sa usapin ng bawtismo ng sanggol, ay kapag nagpahayag ang iglesya (magulang, tagapangalaga, ninong at ninang at kapulungan) at pinagtibay sa bandang huli ang pansariling pananampalataya at pagtatalaga. Ang nagkakasundong pagkilala sa bawtismo ay pagsasaalang-alang bilang isang mahalagang tanda at pamamaraan ng pagpapahayag sa kaisahang bawtismo na bigay ni Kristo. Hangga't posible, ang iisang pakilala ay dapat ipahayag ng lantaran ng mga iglesya.

Upang maigpawan ang kanilang pagkakaiba-iba, ang mga mananampalatayang bawtista (baptists) at yaong nagsasagawa ng bawtismo sa sanggol ay dapat muling isaalang-alang ang ilang mga aspeto ng kanilang nakagawian. Ang una'y maaring magpahayag ng higit na lantaran ang katotohanan na ang mga bata ay inilalagak sa lilim ng pangangalaga ng biyaya ng Diyos. Ang huli ay dapat bantayan ang kanilang mga sarili laban sa gawi ng tila walang pagtatanging bawtismo at gawin ng higit pang seryoso ang kanilang tungkulin para sa pangangalaga ng mga nabawtismuhang bata tungo sa ganap na pagtatalaga kay Kristo.

ANG PAGDIRIWANG NG BAWTISMO

"Ang bawtismo ay isinasagawa ng may tubig sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal, na Espiritu."

Sa pagdiriwang ng bawtismo ang simbolikong paglalarawan sa tubig ay dapat seryosong tingnan at hindi pinabababa. Ang gawa ng paglulubog ay malinaw na maipahahayag ang katotohanan na sa bawtismo, ang Kristiyano ay lumalahok sa kamatayan, paglilibing at muling pagkabuhay ni Kristo.

Tulad ng kalagayan sa unang mga siglo, ang kaloob ng Espiritu sa bawtismo ay maaring magtanda sa mga dagdag na pamamaraan; halimbawa, sa tanda ng

pagpapatong ng mga kamay, at sa pagpapahid o "pagtatalaga". Ang tanda ng krus ay nagpapaalala sa ipinangakong kaloob ng Banal na Espiritu na siyang panunumpa at pangako sa kung ano ang darating pa kapag ang Diyos ay lubusan nang natubos yaong mga inari na Niyang ganap (Efeso 1:13-14). Ang pagpapanumbalik ng nasabing malinaw na tanda ay maaasahang mapagyaman sa liturhiya.

Sa boob ng anomang komprehensibong kaayusan ng bawtismo, dapat malagay sa wastong lugar ang mga sumusunod: ang *"pagpapahayag ng kasulatan"* na tumukoy sa bawtismo; ang *"pagtawag o paghingi sa Banal na Espiritu"*; "ang pagtatatwa sa kasalanan"; ang *"pagbabandila ng pananampalataya"* kay Kristo at sa Banal na Trinidad (Tatlong Persona); ang *"paggamit ng tubig"*; ang *"pagsisiwalat na ang mga tao na nabawtismuhan ay nakakuha ng bagong kakanyahan bilang mga anak ng Diyos, at bilang mga kaanib ng Iglesya, ay tinawag upang maging mga saksi sa Ebanghelyo."* Ang ilang mga iglesya ay itinuturing na ang pagtanggap Kristiyano ay di sapat kung wala ang pagtatatak ng nabawtismuhan ng kaloob ng Banal na Espiritu at pakikilahok sa banal na komunyong.

Angkop na ipaliwanag sa konteksto ng gawaing bawtismo ang kahulugan ng bawtismo sa kanyang pagkakatag sa kasulatan (i.e. ang pakikilahok sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo, pagpapanibago, pagpapatawad at paglilinis, kaloob ng espiritu, pagpapaloob sa katawan ni Kristo at tanda ng Kaharian).

Ang bawtismo ay karaniwang isinasagawa ng isang ordinadong ministro, bagama't sa ilang mga pagkakataon ang iba'y pinahihintulatang magbawtismo.

Yamang ang bawtismo ay malapit na nakaugnay sa kabuuang buhay at pananambahan ng Iglesya, ito ay dapat normal na isagawa sa panahon ng pangka-pulungang pananambahan, upang ang mga kaanib ng kapulungan ay mapaalalahanan ng kanila mismong pagkabawtismo at tanggapin sa kapatiran yaong mga binawtismuhan at kanilang pinagtalagahang pangangalagaan sa pananampalatayang Kristiyano. Ang sakramento ay angkop sa mga bantog na okasyong tulad ng Pasko ng Pagkabuhay, Pentecoste at Epipaniya (Piyesta ng Tatlong Hari), tulad ng nakagawian ng naunang iglesya.

ANG EUKARISTIYA

(Aug Banal Na Komunyon)

ANG PAGTATATAG NG BANAL NA HAPUNAN

Tinanggap ng Iglesya ang Banal na Hapunan bilang kaloob mula sa Panginoon. Sumulat si San Pablo ng ganito: "Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinibigay ko naman sa inyo: ang *Panginoong Hesus, noong gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat, at pinagpirapiraso ito, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin nirryo ito bilang pag-aalala sa akin." Gayon din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang saro at sinabi, "Ang sarong ito ang bagong tipan na pinagtatibay ng aking dugo. Tuwing iinumun ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalala sa akin." (I Cor. 11:23-25; ef. Mateo 26:26-29); Marcos 14:22-25; Lukas 22:14-20).*

Ang hapunan na napatala noong ang Panginoong Hesus ay narito pa sa lupa bilang pagbabahagi ay nagpapahayag at nagsasabuhay na malapit na ang Kaharian, kung saan ang pagpapakain sa libo-libong tao ay isang palatandaan. Sa huling hapunan, ang pagsasama-sama sa Kaharian ay may kaugnayan sa napipintong paghihirap in Hesus. Pagkatapos ng kaniyang pagkabuhay na mag-uli, ipinakita ni Hesus ang kaniyang presensiya sa mga alagad sa pamamagitan ng paghahati sa tinapay. Kaya ang eukaristiya ay ipinagpapatuloy ang pagsasalo-salo ni Hesus noong siya ay nasa lupa pa at pagkatapos ng kaniyang pagkabuhay na mag-uli, bilang isang palatandaan ng Kaharian. Tinitingnan ng Kristiyano ang eukaristiya bilang isang pag-aalala sa pagliligtas sa Israel mula sa lupain ng pagkaalipin at sa pagkain ng pakikipagtipan sa bundok ng Sinai (Ex. 24). Ito ang bagong hapunang pang-Paskuwa ng Iglesya, ang hapunan ng Bagong Tipan, na ibinigay ni Kristo sa kaniyang mga alagad bilang pag-alaala (amnesis) ng kaniyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, bilang isang inaasam na Hapunan ng Kordero (Rev. 19:9). Inutusan ni Kristo ang kaniyang mga alagad na alalahanin at tagpuin siya sa sakramento ng Banal na Hapunan, bilang mga anak ng Diyos, hanggang sa kaniyang pagbabalik. Ang huling hapunang ipinagdiwang ni Hesus ay isang liturhikong hapunan na gumagamit ng mga simbolikong salita at gawa. Dahil dito ang eukaristiya ay isang hapunang sakramental na sa pamamagitan ng mga nakikitang tanda ay nagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos kay Kristo Hesus, isang pag-ibig na nagmamahal hanggang katapusan. (Juan 13:1). Ito ay nangailangan ng maraming pangalan a katawagan: halimbawa, ang Banal na Hapunan, ang paghahati ng tinapay, ang banal na komunyon, ang banal na liturhiya, at ang misa. Ang pagdiriwang ay nagpapatuloy bilang pinakasentrong bahagi ng pananambahan ng Iglesya.

ANG KAHULUGAN NG EUKARISTIYA

Ang eukaristiya ay ang mahalagang sakramento na ipinagkakaloob sa atin ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo at ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Bawa't Kristiyano ay tumatanggap ng kaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ng Komunyon sa katawan at dugo ni Kristo. Sa eukaristiyang hapunan, sa pagkain ng tinapay at pag-inom ng alak, ipinagkakaloob ni Kristo ang pakikipag-ugnayan sa Kaniya. Ang Diyos ang tiyakang kumikilos, nagbibigay buhay sa mga pangako ni Kristo, ang bawa't binawtismuhang kaanib ng katawan ni Kristo ay tumatanggap sa eukaristiya ng tiyakang kapatawaran sa kasalanan (Mateo 26:28) at ang pangakong buhay na walang hanggan (Juan 6:51-58). Bagama't ang eukaristiya ay isang tiyakang buong gawa, Ito ay isasaalang-alang dito sa mga sumusunod na aspeto: pagpapasalamat sa Diyos, pag-alaala kay Kristo; kahilingan sa Banal na Espiritu; komunyon ng mga tapat, hapunan ng Kaharian.

ANG EUKARISTIYA: PAGPAPASALAMAT SA DIYOS

Ang eukaristiya, na palagiang kasama ang salita at sakramento, ay isang pagpapahayag at pagdiriwang ng gawa ng Diyos. Ito ang dakilang pagpapasalamat sa Diyos ng Kaniyang ginawa sa paglikha, kaligtasan at pagbabanal, sa lahat ng mga nagawa ng Diyos ngayon sa Iglesya at sa sanglibutan sa kabila ng mga kasalanan ng mga tao, sa lahat ng mga gagawin ng Diyos sa pagdadala ng kaniyang Kaharian upang magkaroon ng katuparan. Kaya nga ang eukaristiya ay isang pagpapala (berakah) na kung saan ipinahahayag ng Iglesya ang kaniyang pasasalamat sa mga biyaya ng Diyos.

Ang eukaristiya ang dakilang sakripisyo ng pagpupuri na kung saan ang iglesya ay nagsasalita sa pangalan ng buong sangnilikha. Ang sanglibutan na muling pinagkasundo ng Diyos ay laging naroon sa bawal eukaristiya: sa tinapay at sa alak, sa katauhan ng mga tapat, at sa mga panalangin na kanilang inihahandog para sa kanila at sa mga tao. Pinagkaisa ni Kristo ang mga mananampalataya sa kaniyang sarili at isinama ang kanilang mga panalangin sa kaniyang pananalangin upang ang mga manananampalataya ay mangabago at tanggapin ang kanilang panalangin. Ang sakripisyo ng pagpupuri ay magaganap lamang sa pamamagitan ni Kristo, sa kaniya at sa kaniya lamang. Ang tinapay at alak, mga bunga ng lupa at pagpapagal ng mga tao, ay inihahandog sa Ama sa pananampalataya at pasasalamat. Ang eukaristiya ay nagbibigay kahulugan kung ano ang mangyayari sa claigdig: isang paghahandog at awit ng pagpupuri sa Manglikha, isang pangkalahatang pakikipag-isa sa katawan ni Kristo, isang kaharian ng katarungan, pag-ibig at kapayapaan sa Banal na Espiritu.

ANG EUKARISTIYA: ISANG PAG-ALAALA KAY KRISTO

Ang eukaristiya ay isang pag-aalaala sa napako at muling nabuhay na Kristo, ang buhay at mabisang simbolo ng sakripisyo, minsang tinapos para sa lahat doon sa Krus at patuloy na gumagawa para sa lahat ng sangkatauhan. Ang biblihong kaisipan ng pag-aalaala bilang mensahe ng eukaristiya ay tumutukoy sa kasalukuyan at mabisang gawa ng Diyos kung ito ay ipinagdiriwang ng mga tao ng Diyos sa liturhiya.

Si Kristo, sa nagawa niya para sa atin at sa sangnilikha (pagka-katawang-tao, paglilingkod, ministeryo, pangangaral, paghihirap, sakripisyo, pagkabuhay na mag-uli, pag-akyat, at pagsusugo ng espiritu) ay nadarama at nasa "anamnesis", pagkakaloob ng pakikipag-isa sa kaniyang sarili. Ang eukaristiya ay pagtikim din ng kaniyang "parousia" at ng pangkatapusang paghahari.

Ang anamnesis kung saan si Kristo ay kumikilos sa pamamagitan ng masayang pagdiriwang ng Iglesya ay representasyon at paghihintay (anticipation). Hindi lamang ito pag-aalaala sa nakaraan at ang taglay na kahulugan nito. Ito ang mabisang pagpapahayag ng Iglesya ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos at gayon din ng kaniyang pangako.

Ang representasyon at paghihintay ay ipinahahayag sa pananalangin at pamamagitan. Ang iglesya, nagpapasalamat na pag-aalaala sa makapangyarihang pagkilos ng Diyos ng kaligtasan, ay humihiling sa Diyos upang ipagkahoob ang mga biyaya ng gawa para sa lahat ng mga nilalang. Sa pasasalamat at pamamagitan, ang Iglesya ay pinag-iisa sa Anak, ang dakilang saserdote at tagapamagitan (Roma 8:34; Hebreo 7:25). Ang eukaristiya ay isang sakramento ng natatanging pagsasakripisyo ni Kristo, nabuhay upang maging tagapamagitan natin. Ito ay isang pag-aalaala ng lahat ng ginawa ng Diyos para sa kaligtasan ng sanglibutan. Kung ano ang layunin ng Diyos na naganap sa pagkakatawang tao, buhay, kamatayan, at pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat ni Kristo, hindi na ito

uulitin pa ng Diyos. Ang mga pangyayaring ito ay di-pangkaraniwan at kailan man ay di na maaring ulitin o pahabain. Sa eukaristiya bilang isang pag-aalaala, ang Iglesya ay naghahandog ng pamamagitan kay Kristo, ang ating dakilang saserdote.

Ang anamnesis ni Kristo ang batayan at pinagmumulan ng lahat ng panalangin ng Kristiyano. Kaya ang ating panalangin ay umaasa at pinagkakaisa sa pamamagitan ng pamamagitan ng isang nabuhay na Panginoon. Sa eukaristiya, pinagkakalooban tayo ng kapangyarihan ni Kristo upang mabuhay na kasama niya, upang makiisa sa kaniyang paghihirap at manalangin sa pamamagitan niya bilang isang binigyang-katarungang makasalanan, maligaya at malayang tinutupad ang kaniyang kalooban.

Kay Kristo, inihahandog natin ang ating sarili bilang isang buhay at banal na sakripisyo sa ating pang-araw-araw na buhay (Roma 12:1; 1 Pedro 2:5); ang epsirituwal na pagsambang ito, katanggap-tanggap sa Diyos ay pinalulusog sa eukaristiya, kung saan tayo ay pinapagiging banal at pinagkakasundo sa pag-ibig, upang maging lingkod ng pakikipagkasundo sa sanglibutan.

Pinagkaisa kay Kristo at sa pakikipag-ugnayan sa mga banal at santo, tayo ay muling pinalalakas sa ating pakikipagtipan na tinatakan ng dugo ni Kristo.

Dahil sa ang anamnesis ni Kristo ang pinaka-laman ng mga salitang ipinahahayag, katulad sa hapunang pang-eukaristiya, nagtutulungan ang bawa't isa. Ang pagdiriwang ng eukaristiya ay kalakip din ang paghahayag ng Salita ng Diyos.

Ang salita at gawa ni Kristo sa pagtatalaga ng eukaristiya ay tumatayong pinaka-puso ng pagdiriwang; ang hapunang pang eukaristiya ay ang sakramento ng katawan at dugo ni Kristo, ang sakramento ng kaniyang tunay na presensiya. Tinutupad ni Kristo sa iba't-ibang pamaraan ang kaniyang pangako na siya ay kasama nila hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Subali't ang presensiya ni Kristo sa eukaristiya ay di-pangkaraniwan: Ito ang aking katawan ... *ito ang aking dugo* ... Kung ano ang ipinahahayag ni Kristo ay totoo, at ang katotohanang ito ay nagaganap tuwing ipagdiriwang ang eukaristiya. Ipinahahayag ng Iglesya ang tunay, buhay, at aktibong presensiya ni Kristo sa eukaristiya. Samantalang ang tunay na presensiya ni Kristo sa eukaristiya ay hindi batay sa pananampalataya ng isang tao, ang lahat ay sumasang-ayon na upang makilala ang katawan at dugo ni Kristo, kailangan ang pananampalataya.

ANG EUKARISTIYA: ISANG PAGHIBIK NG ESPIRITU

Ginagawa ng espiritu na ang napako at nabuhay na Kristo ay presente sa hapunang eukaristiya, tinutupad ang pangako na nakapaloob sa pananalita ng pagtatalaga. Ang presensiya ni Kristo ay maliwanag na pinakasentro ng eukaristiya, at ang pangako na nakapaloob sa pananalita ng pagtatalaga ay kailangan sa pagdiriwang. Nguni't ang Ama pa rin ang pinagmulan at katapusang katapuran ng pangyayaring eukaristiko. Ang nagkatawang tao na Anak ng Diyos na siya ang dahilan at sa pamamagitan niya nagawa ang lahat ang siyang buhay na sentro ng eukaristika. Ang Banal na Espiritu ang di-masukat na lakas ng pag-ibig upang ito ay maganap at magpatuloy na naging mabisa. Ang tali sa pagitan ng eukaristikong pagdiriwang at ang lihim ng tatlong persona ng Diyos ang nagsasaad kung ano ang ginagampanan ng Banal na Espiritu kung paanong ang makasaysayang salita ni Hesus ay buhay. Dahil sa katiyakan ng pangako ni Hesus nakapaloob sa pananalita ng pagtatalaga na ito ay tutugunin, ang iglesya ay nanalangin sa Ama para sa kaloob ng Banal na Espiritu upang ang pangyayaring eukaristika ay maging makatotohanan: ang tunay na presensiya ng isang ipinako at nabuhay na Kristo, ipinagkaloob ang buhay para sa sangkatauhan.

Dahil sa buhay na salita ni Kristo at ang kapangyarihan ng banal na Espiritu kaya ang tinapay at alak ay nagiging sakramental na simbolo ng katawan at dugo ni Kristo. Ito ay nananatili para sa layunin ng komunyon.

Ang buong gawain ng eukaristiko ay mayroong katangiang "epikletic" dahil sa ito ay umaasa sa gawa ng Banal na Espiritu. Sa salita ng liturhiya, ang aspetong ito ng eukaristiko ay may iba't ibang uri ng kapahayagan.

Ang Iglesia, bilang isang komunidad ng bagong pakikipagtipan, ay may pagtitiwalang hinihiling ang espiritu, upang siya ay maging banal at muling lumakas, tungo sa katarungan, katotohanan at pagkakaisa, at binigyang ng kapangyarihan upang matupad ang misyon dito sa sanglibutan.

Ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng eukaristiko ay nagbibigay ng pananaw tungkol sa paghahari ng Diyos: tinatanggap ng Iglesia ang buhay na isang bagong sangnilikha at ang pag-asa sa pagbabalik ng Panginoon.

ANG EUKARISTIYA: PAGSASAMA-SAMA NG MGA MANANAMPALATAYA

Ang eukaristiyang pagsasama-sama kay Kristo na nagpapalugos sa buhay ng Iglesia ay ang pagsasama-sama sa katawan din ni Kristo at ito ang Iglesia. Ang pagsasalo-salo sa isang tinapay at isang saro sa isang dako ay nagtuturo at nagpapatibay sa pagkakaisa ng mga nagsasalo-salo kay Kristo at gayon din sa kanilang mga kasamahan sa lahat ng panahon at dako. Sa eukaristiya, ang komunidad ng mga tao ng Diyos ay tuwirang nakikita. Ang eukaristiyang pagdiriwang ay palagiang may kinalaman sa buong iglesia, at ang buong iglesia ay laging may bahagi sa bawat lokal na pagdiriwang ng eukaristiya. Kung ang iglesia ay inaangkin na ito ay larawan ng kalakhang iglesia, iniingatan niya ang kaniyang sariling buhay na tinitingnan at inaangkin ang kapakanan ng ibang iglesia.

Ang eukaristiya ay yumayakap sa buong aspeto ng buhay. Ito ay kumakatawan sa gawa ng pasasalamat at paghahandog sa pangalan ng buong sanglibutan. Ang eukaristiyang pagdiriwang ay humihingi ng pagkakasundo at pagbabahagi sa kapatirang lalaki at babae sa isang tahanan ng Diyos at ito rin ay isang nagpapatuloy na hamon upang saliksikin ang akmang ugnayan sa panglipunan, pangkabuhayan, at pangpolitikal na buhay (Mateo 5:23f; I Cor. 11:20-22; Gal. 3:28). Ang lahat ng uri ng di-makatarungan, pag-uuri, paghihiwalay at pagkawala ng kalayaan ay isang radikal na hamon kapag tayo ay nagsasalo-salo sa katawan at dugo ni Kristo. Sa eukaristiya, ang patuloy na nagbabagong biyaya ng Diyos ay tumitiim at muling nagbabalik ng personalidad at dignidad ng isang tao. Ang isang mananampalataya ay nagkakaroon ng bahagi sa kasaysayan ng sanglibutan sa pamamagitan ng eukaristiya. Bilang may bahagi sa eukaristiya, hindi tayo nagiging tapat o totoo kung hindi makikibahagi sa patuloy na pagbabalik ng kalagayan ng sanglibutan at kalagayan ng tao. Ipinakikita sa atin ng eukaristiya na ang pag-uugali natin ay pabagobago sa harap ng presensiya ng Diyos sa sanglibutan na ang layunin ay pagkakasundo: tayo ay nalalagay sa isang nagpapatuloy na paghatol sa pamamagitan ng iginigiit na di-makatarungang ugnayan ng lahat ng uri sa ating lipunan, ang maramihang pagkakahati-hati sa bahagi ng kataasan ng tao, pagnanasa sa materyal na bagay, at kapangyarihang politikal, at higit sa lahat, ang pagiging suwail at di maikakatwirang pagtutunggalian sa loob ng katawan ni Kristo.

Ang ating pagkakaisa sa eukaristiyang pagsasama-sama sa katawan ni Kristo at ang responsableng pagkalinga sa isa't isa bilang Kristiyano at sa buong sanglibutan ay may tiyakang kapahayagan sa liturhiya: paghingi ng kapatawaran sa mga kasalanan; ang tanda ng kapayapaan; pamamagitan para sa lahat; ang pagkain at pag-inom ng sama-sama; ang pagdadala ng mga elemento sa may karamdaman at gayon din sa mga bilanguan o kaya naman kasama sila sa pagdiriwang ng eukaristiya. Ang lahat ng kapahayagang ito ng pag-ibig sa eukaristiya ay may tuwirang kaugnayan sa pagpapapatotoo ni Kristo bilang tagapaglingkod, na kung saan din ang mga Kristiyano ay may bahagi sa paglilingkod. Kung paanong ang Diyos kay Kristo ay pumasok sa kalagayan ng tao, gayon din ang eukaristiyang liturhiya ay malapit sa isang konkreto at tiyakang kalagayan ng lalaki at babae. Sa mga unang Iglesia, ang paglilingkod ng mga diakono at diakonesa ay nagbigay pahayag sa isang natatanging paraan ng aspeto ng eukaristiya. Ang lugar ng "ministeryong ito sa pagitan ng hapag at mga nangangailangan ay akmang patotoo ng isang naglilingtas na presensiya ni Kristo sa sanglibutan.

ANG EUKARISTA: HAPUNAN NG KAHARIAN

Ang eukaristiya ay nagbubukas ng mga pananaw ng isang banal na paghahari bilang isang pangako ng pangkatapusang pagbabago ng sangnilikha, at ito rin ay isang pagpapatikim nito. Ang mga palatandaang ito ng pagbabago ay palagiang nasa sanglibutan kung saan ang biyaya ng Diyos ay ipinahahayag at ang mga tao ay kumikilos o gumagawa para sa katarungan, pag-ibig at kapayapaan. Ang eukaristiya ay isang pagsasalo-salo kung saan ang Iglesia ay nagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos dahil sa mga palatandaang ito at masayang nagdiriwang at umaasa sa nalalapit na Kaharian ni Kristo (I Cor. 11:26; Mateo 26:29).

Ang sanglibutan, kung saan ang muling pagbabago ay isang pangako, ay naroon sa pagdiriwang ng buong eukaristiya. Ang sanglibutan ay naroon sa pagpapasalamat sa Diyos, kung saan ang Iglesya ay nagsasalita sa pangalan ng buong sangnilikha; sa pag-aalaala kay Kristo, kung saan ang Iglesya, kasama ang dakilang saserdote at tagapamagitan, ay dumadalangin para sa sanglibutan; sa panalangin para sa kaloob ng banal na Espiritu, kung saan ang Iglesya ay humihibik ng pagbabanal at bagong nilikha.

Pinagkasundo sa eukaristiya, ang mga kaanib ng katawan ni Kristo ay tinatawag upang mga tagapaglingkod ng pagkakasundo sa mga lalaki at babae at maging saksi ng kagalakan ng pagkabuhay na mag-uli. Kung paanong si Hesus ay nakisama at nakisalo sa mga publikano at makasalanan noong panahong siya ay narito sa lupa, gayon din naman ang mga Kristiyano ay tinatawag sa eukaristiya upang makipagkaisa sa mga itinapon at maging palatandaan ng pag-ibig ni Kristo na nabuhay at nagsakripisyo para sa lahat at ngayon nga ay ibinigay ang sarili sa eukaristiya.

Ang tuwirang pagdiriwang ng eukaristiya ay isang pagkakataon kung saan ang Iglesya ay nakikibabagi sa misyon ng Diyos dito sa sanglibutan, Ang pakikibahaging ito ay nagaganap sa araw-araw sa anyo ng kapahayagan ng ebanghelyo, paglililingkod sa kapuwa at matapat na saksi sanglibutan.

Dahil sa ito ay kaloob mula sa Diyos, ang eukaristiya ay nagdadala sa kasalukuyang panahon ng isang bagong katotohanan kung saan ang mga Kristiyano ay binabago upang maging wangis ni Kristo at upang sila ay maging mabisang saksi at patotoo. Ang eukaristiya ay isang mahalagang pagkain para sa mga misyonero, tinapay at alak para sa manglalakbay sa panahon ng kanilang apostolikong paglalakbay. Ang eukaristikong komunidad ay pinagpapala at pinalulusog at pinalalakas sa pagpapahayag sa salita at gawa na ang Panginoong Hesu-Kristo ay ipinagkaloob ang kaniyang buhay para sa kaligtasan ng sanglibutan. Dahil sila ay nagkakaisang tao, nagsasalo-salo sa hapunan ng isang Panginoon, ang mga taong natitipon para sa eukaristika ay nararapat ding alalahanin tipunin yaong mga taong wala sa kanilang paningin, sapagka't inanyayahan ni Kristo ang lahat na naging dahilan ng kaniyang kamatayan. Kung ang mga Kristiyano ay hindi magkaisa sa pagsasama-sama sa palibot ng mesa upang kumain ng isang tinapay at uminom sa isang saro, and kanilang misyonerong pagpapatotoo ay humihina maging sa pang-isahan o pang-maramihang aspeto.

ANG PAGIDIRIWANG NG EUKARISTIYA

Ang liturhiyang eukaristika ay isang buong liturhiya, binubuo ng mga iba't-ibang makasaysayang elemento na iniaayos sa iba't-ibang pagkakasunod-sunod at mayroong iba't-ibang kahalagahan:

- * awit o himno ng pagpupuri
- * gawa o akto ng pagsisisi
- * kapahayagan ng kapatawaran
- * pagpapahayag ng Salita ng Diyos, sa iba-ibang anyo
- * kapahayagan ng pananampalataya (credo)
- * panalangin ng pamamagitan para sa buong Iglesya at sanglibutan
- * paghahanda ng tinapay at alak
- * pagpapasalamat sa Diyos sa kaniyang kahanga-hangang paglikha, pagliligtas, at pagpapaging-banal (mula sa Hudyong kaugalian, ang berakah)
- * ang pananalita ng pagtatalaga ayon kay Kristo na sa kaugalian ng Bagong Tipan
- * ang pag-aalaala (anamnesis) sa dakilang gawa ng kaligtasan, paghihirap, kamatayan, pagkabuhay na mag-uli. Pag-akyat, at Pentecostes, ang mga dahilan kung bakit nabuhay ang iglesya
- * ang paghiling sa Espiritu Santo (epiklesis) ng kapulungan, at ang elemento ng tinapay at alak (maaring bago o pagkatapos ng pananalita ng pagtatalaga, o kaya naman ay pareho o sabay; o ang iba pang mga talata na may kaugnayan sa banal na Espiritu na nagpapahayag ng katangiang "epikletic" ng eukaristika.

ANG HAMON NG PAGIGING ALAGAD

Ang isang mahalagang bahagi ng buhay Kristiyano na humahamon para sa isang masusing paliwanag at kaganapan ay ang tungkulin ng pagiging alagad o disipulo. Ito'y dahilan sa ang pagsunod ay siyang kongkretong kapahayagan o pagsasabuhay ng liturhiya. Ang pananampalatayang Kristiyano na walang tapat at palagiang pagsasabuhay ng pagkaalagad ay hungkag at walang kapangyarihan. Ito ay nagiging bukal ng kalakasan habang ang mananampalataya ay tumutugon at nagtatalaga ng kanyang sarili sa panawagan ng Diyos na maging alagad.

Subali't ano nga ba ang buhay na kahulugan ng konseptong ito sa talasalitaan ng pananampalatayang Kristiyano? Sa yugtong ito, angkop na ating balikan ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad bago siya umakyat sa langit:

"Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama, Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan". (Mateo 28:18-20 MBB)

Makatuturang pansinin na yaong mga sinugo ni Jesus ay sila ring mga naging saksi sa muling pagkabuhay at pag-akyat Niya sa langit. Sila yaong nakasaksi kung paanong nabuhay na muli si Jesus makalipas ang tatlong araw sa libingan. Bilang mga saksi sa pagkabuhay na muli, sila'y mayroong tanging kapangyarihan na di-angkin ng ibang mga tao sa komunidad. Kaya, ang mismong paniniwala sa muling pagkabuhay ay isa na ring panawagan sa pagiging alagad at sa paghubog sa iba pang disipulo sa mundo. Ang tawag sa ating pagiging disipulo at ang tungkulin na hubugin ang iba pa, kung magkagayon, ay mayroong batayan sa karanasan ng muling pagkabuhay.

Sa katotohanan, ang pagiging alagad ay mayroong layunin ng palagiang pagsasabuhay ng pagtulong at paglilingkod sa mga tao. Kapag ang isang seryosong usapan hinggil sa pagiging alagad ay nagsimula, ang sentro palagi ay ang tao at ang kanyang kalagayan sa lipunan. Sa ibang salita, walang sinomang alagad ni Jesus na hindi makatao. Tulad ng sinabi ni Dr. Fely Carino: "kung saan at kung kailan ang tao ay nanganganib, ang pagiging alagad ay humihinto na sa pagiging isang simpleng teorya o kaisipang relihiyon lamang. Ito'y naghahanap ng ingay sa gitna ng katahimikan at responsableng kumikilos mula sa di-paggawa. Kapag ang tao ay nanganganib, ang mga alagad ng katotohanan ay tinatawag upang hamunin ang mga tunggalian, at walang hadlang, maging idiyolohikal o relihiyoso, ang posible.

Sa isang lipunan na kakikitaan ng tunggalian ng mga uri, yaong mga bumabalikat sa mga pinakamabigat na dalahin — ang mga taong isinasantabi o itina-tatwa ng lipunan — ay pumapaloob sa katangian ng "nonpersons" o "di-tao". Ipinaliwanag ni Robert McAfee Brown, isang bantog na tiyologo, na ang pag-uusap hinggil sa mga "di-tao" (nonpersons) "ay isang pagpuna sa panlipunang katotohanan na sila'y tinitingnan natin bilang "di-tao", na parang di na mga kailangan, na maaring isantabi na lamang kapag ang kanilang "kahalagahan" ay naubos na.

Sa daigdig na pinangingibabawan ng teknolohiya, ang mga lipunan ay tina-trato ang maliliit na mga tao na para bang hindi sila nabubuhay. Sila yaong ang kalagayan ay di natutugunan ng sapat ng mga nasa kapangyarihan at ang mga tinig ay di naririnig. Datapwa't sila rin yaong ang mga katanungan ay nakapagdudulot ng wastong direksyon at laman sa tiyolohiyang Kristiyano. Isaalang-alang halimbawa, ang mga sumusunod na tinig mula sa mabababa — o ng mga tao sa Ikatlong Daigdig: "Paano kami maniniwala sa Diyos sa isang lipunan na sistematikong nagwawasak at sumisira sa amin? Paano kami maniniwala sa Diyos bilang personal gayong halos lahat ng bagay sa mundo ay nagkakasundo na pagkaitan kami ng aming pagkatao?" Ang pagiging alagad para sa mga "di-tao" sa mundong ito ay isang hamon para sa ating lahat sa panahong ito.

Kadalasan, kapag tayo ay nakikinig sa mga sermon o nagbabasa ng mga paglalahad ng mga bantog na tiyologo, tayo'y nadadala ng kanilang kahusayan at nakahihikayat na ideyalismo. Nguni't kapag atin nang sinubukang isagawa ang mensahe na kanilang nais iparating, doon natin natutuklasan ang ating mga kahinaan at wala tayong nagagawa. Para kay Jesus, iisa lamang salita ang katumbas ng pagiging alagad -- pagsunod. Tulad ng sinasabi sa talata ... "bawtismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal ma Espiritu at "turuang sumunod" sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo."

Ang pagiging alagad, sa pag-unawa ni Jesus, ay ang tungkulin na turuan ang mga tao ng hinggil sa kabutihan ng pagsunod. Sinasang-ayunan ng iglesya ang salalayang paniniwalang ito, sapagka't sa buong buhay ni Jesus, Kanyang

ipinamalas ang uri ng pagsunod na di mapapantayan ng tao. Pinagtibay ito ni Apostol Pablo nang kanyang sabihin: *"nang maging tao, Siya'y nagpakababa at naging rnasunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus."* (Filipos 2: 8 MBB)

Para kay Jesus, ang mapanagutang pagsunod ay dapat, higit sa lahat, siyang palatandaan ng tunay na katapatan sa Diyos. Subali't kung ang katapatan kay Kristo ay rtagiging parang isang lisensya lamang para sa politikal o idiyolohikal na alyansa, at kapag ang mga idiyolohikal na mga alyansa ay dumarating sa wangis Jamang ng Kristiyanong pagsunod, dapat tayong mabahala, pagka't ang diwa ng tunay na katapatan kay Kristo ay nanganganib.

Isang napapanahong paalala ang dapat bigyang diin sa yugtong ito.

"Kapag ang iglesya ay piniling ipanig ang kan yang sarili sa mga idiyolohikal na balangkas ng anumang kalikasan, kanyang isinasakripisyo ang moral na integridad ng pagkatawag sa kanya." Ang pagka-alagad sa gayon ay nagiging pagsunod lamang sa tao at ang katapatan kay Kristo ay nagiging isang simpleng doktrinang pantasya o kababalaghan.

Ang pagka-alagad sa daigdig ay hindi isang tungkulin ng pagpapahintulot sa kalagayang umiiral, lalo pa't ang kalagayan ay nasa ulap ng laksang katanungang moral. Kung ang iglesya ay isang mapagpalayang puwersa sa kasaysayan, ang mga alagad nito ay dapat magbigay ng ganap at huling katapatan lamang sa Kaharian ng Diyos na magaganap pa lamang sa ating kalagitnaan. Walang ibang makalupang ideyolohiya ang maihahalili sa maluwalhating kahariang yaon na ngayo'y umuusbong na sa ating kasaysayan. Upang lalo pang bigyang linaw ang nais nating ipahayag, narito ang sinabi ng isang Pilipinong ethicist:

"Hindi ito nangangahulugan na ang Kristiyano bilang mamamayan ay dapat tratuhin ng iba... Hindi nito ibig sabihin na ang katapatan ng Kristiyano sa kapangyarihang politikal ay may pasubali... At ito'y nangangahulugan, higit sa lahat, na mayroong natatanging damdamin sa "mga mata ng pananampalataya", sa ano mang pahiwatig, sa ano mang pag-usbong ng kakila-kilabot na idolatriya sa buhay politikal, sa ano mang pagkilos na kung saan ang kapangyarihang politikal ay nabubunsod sa walang pasubaling pagsandig sa kanilang paghahari mula sa kanilang sambayanan, at magsimulang tiyakin na ang kanilang bayan ay responsable sa kanila sa halip na sila ang responsable para sa bayan."

Mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng pagiging alagad at idolatriya. Ang pagka-alagad ay isang mapagpakumbabang pagkilala ng tao sa pagkapanginoon ni Jesukristo sa lahat ng buhay na inihahayag sa kanyang paglilingkod sa iba at sa sanlibutan; samantalang ang idolatriya ay ang pagmamalaki ng tao sa kanyang sarili — ang pagpapapahalaga sa mga tagumpay at pag-uugali ng tao, sa kabila man ng lantad na kontradiksyon at kahirapan.

Sa daigdig na lipos ng pandaraya, tunggalian at karahasan na tulad ng sa atin, ang kailangan natin ay mga tapat na alagad na mayroong maaalab na ideyalismo at kasigasigan na maglingkod. Ang kailangan natin ay mga alagad na ang katapatan kay Kristo ang siyang tanging kailangan para sa pagsunod. Pagka't hanggang tayo'y nananatiling mga bihag ng sarili nating mga idolatriya, ang katapatan kay Kristo ay mananatili ring isang hungkag na salita.

Bilang pag-uulit, ang kabuuang kahulugan at lawak ng Kristiyanong pagsunod ay sumasaklaw sa lahat ng aspeto ng buhay at pakikipag-ugmayan. Sa daigdig ng kawalan ng pagkakapantay-pantay at kaapihan na tulad ng sa atin, marami — maging sa boob ng mga pamayanang Kristiyano at institusyon ang itinuturing na "di- tao" (nonpersons) sa simpleng kadahilanan na sila'y di kabilang sa mga malalapit sa atin. Matiyaga nilang binabalikat ang sarili nilang mga pighati hanggang sa kalaunan ay sila'y mamamatay sa gutom at ginaw.

Salamat sa makasaysayang Jesus na sa Kanyang pagpapamalas ng katapatan sa Diyos, ay nagbunsod sa atin na maunawaan ang pinakamalalim na kahulugan ng pagsunod. Kaya, tayo'y masigasig na magsikap na sumunod sa Kanya bilang kanyang mga tapat na alagad, at di magtatagal ay ating mapupuna ang ilang mga pagbabago sa ating mga buhay at sa ating lipunan.

Halaw mula sa sermon ni Reb. Oscar S. Suarez na inilathala sa kanyang aklat na Liberating the Pulpit.

Mga Tungkulin at Pananagutan ng Isang Kaanib ng Iglesya

(Ang mga sumusunod ay naglalayong maging mapalawak at/o mabigyang linaw ang mga tadhana ng Articulo VI, Sek.7 ng Saligang Batas ng UCCP: Mga Tungkulin ng mga Kaanib: Alituntunin)

1. Dapat na pormal na ipatala ng bawa't kaanib ang kaniyang pangalan sa iglesya lokal, kung saan siya nakilbihagi/nakikipagkatipon sa pananambahan at paglilingkod sa panahon ng kaniyang paglipat mula sa isang dako tungo sa ibang panirahan na may kadahilanan, o paglipat ng hanapbuhay o ng anomang ibang mga dahilan. (Tingnan ang Sek. 1, 6, 8 ng Art.VII ng Alituntunin).
2. Ang bawa't kaanib ay dapat may kabatiran sa istraktura at organisasyon ng UCCP, na may tinging pagtutuon sa organisasyon ng iglesya lokal (Tingnan ang Art. V ng Saligang Batas at Art. I ng Alituntunin)
3. Bawa't kaanib ay dapat magkaroon ng kabatiran at magsumikap na maunawaan ang mga elemento ng "Kapahayagan ng Pananampalataya" ng UCCP, upang siya ay maging matatag sa kaniyang personal na paninindigan kaugnay ng mga tiyaka na doktrina at mga usaping sumusulpot sa pana-panahon sa buhay at gawain ng iglesya.
4. Ang bawa't kaanib ng iglesya ay dapat mag-aral ng mga Kasulatan, na hindi humihinto sa palagiang nakatakdang oras, upang mapaunlad ang kaniyang pagkagagap sa buong patotoo ng Luma at Bagong Tipan kaugnay ng pananampalataya at pag-asa ng Iglesya para sa lahat ng mga tao at lahat ng panahon.
5. Bawa't kaanib ay nararapat na palagiang makibahagi sa pananambahan at pag-aaral ng iglesya upang maging karagdagan sa kaniyang personal/pampamilyang debosyon at pag-aaral.
6. Bawa't kaanib ay dapat gumawa ng regular na pangakong suporta para sa gawain ng iglesya. Ito ay tradisyonal na isinasagawa sa pamamagitan ng pangangakong ipagkakaloob ang kaniyang ikapu para sa iglesya sa isang regular na pagitan, o pangangako ng isang tiyak na halaga na palagiang ipinagkakaloob. Ito ay kapwa bukod sa paghahandog ng pagpapasalamat o mga donasyong naging kasiyahan niyang ipagkaloob sa mga tanging okasyon at para sa tanging layunin.
7. Bawa't kaanib ay dapat magsumikap na makibahagi sa pagpapalano at pagbabalangkas ng gawain at balak-gugol ng iglesya. Ang tungkuling ito ay hindi maipagwawalang-bahala kahit siya pa man ay palagiang nagbibigay ng kaniyang suportang pinansyal. Ang kaniyang mga kaisipan at pagmamalasakit sa mga programa ng paggawa ng iglesya ay buong linaw na nagpapahayag ng kaniyang lumalagong pagkaunawa at pagkatalaga sa pamumuhay at misyong Kristiyano.
8. Marapat gamitin ng bawa't kaanib ang kaniyang karapatan sa pagboto sa pagpili ng pastor at iba pang mga opisyal ng iglesya, at kapag tinawag upang maghahandog ng kaniyang paglilingkod sa anomang kalagayan kung saan siya ay nahalal o naitalaga ng kaniyang mga kapwa kaanib. Ito ay kapwa sukatan ng kaniyang pagkamaygulang at pagkakataong makatulong sa kapwa sa kanilang paglago.
9. Dapat magsumikap ang bawa't kaanib, hangga't Ito ay nasa kaniyang kapangyarihan, na mamuhay na mapayapa at makatarungan sa lahat ng mga tao sa mga lugar ng paghahanapbuhay at sa lahat ng ugnayang panlipunan.
10. Bawa't kaanib ay dapat magpatotoo sa kaniyang pananampalataya at pag-asa sa pamamagitan ng kaniyang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kabiyak ng puso at sa pagpapalaki ng kaniyang mga anak. Ang sambahayang Kristiyano ay siyang moog ng pamumuhay Kristiyano bilang pinaka-personal sa makataong pangkatin kung saan ang lahat ng mga pagpapahalaga, kaasalan at kahulugan ng komunidad at lipunan ay sinusubok at pinatitibay.

11. Bawa't kaanib ay dapat maging bukas sa mga bagong pag-akay ng Espiritu Santo sa mga bagay ng mga bagong hamon at pangangailangan habang ang buhay at gawain ng iglesia at ng malawak na komunidad ay inihaharap at nananatili.
12. Bawa't kaanib ay dapat maging kasangkot sa mithiin, pangangailangan, mga suliranin, mga pagsusumikap ng kaniyang komunidad sa tunguhing siya, ayon sa ipahihintulot ng pagkakataon, ay makapagsalita sa iba't-ibang larangan ng malasakit ayon sa tiyakang pakikibahagi/pakikisangkot sa buhay ng ating daigdig. Ang mga Kristiyano ay inaasahan ng ating Panginoon na ipamuhay ang pananampalataya sa pamamagitan ng mga gawang magagamit Niya hanggang dumating ang Kaharian ng Diyos, at ang kalooban ng Diyos ay maganap kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa!

(hinango sa Mindanao Jurisdictional Convention 1981)

ISANG MUNGKAHING KAAYUSAN NG PANANAMBAHAN PARA SA KUMPIRMASYON AT PAGTANGGAP SA PAGIGING KAAKIB NG IGLESYA

(Ang bahaging ito ng liturhiya ay maaring bilang tugon sa Salita, sa panahon o bahagi ng Pagtatalaga o Konsekrasyon)

PAGHAHARAP NG MGA ICANDIDATO SA KUMPIRMASYON

(Sa pamamagitan ng Pinunong Presbitero o Tagapangulo sa Lupon ng Edukasyong Kristiyano)

Ang mga sumusunod na kabataan ay nagsipag-aral ng Salita ng Diyos, nangatuto sa mga pananampalataya at gawain ng bayan ng Diyos, partikular ng United Church of Christ in the Philippines. Sila ay nangaririto upang ipahayag ang kanilang pananampalataya, at upang makasama natin sa paglilingkod kay HesuKristo at sa komunidad.

PAHAYAG SA MGA KUKUMPIRMAHAN

Dinggin ninyo ang mga salita ng ating Panginoong HesuKristo.

"Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni' t kayo'y hinirang ko, at akin kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga."

"Ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin ko rin sa harap ng Diyos na nasa langit."

Mga kaibigan, kayo ay hinirang ni HesuKristo, at sa bawtismo ay nalakip kayo sa kaniya. Tinawag niya kayo, kasama namin, sa iglesia, na siya, niyang katawan. Ngayon ay dinala niya kayo sa sandaling ito at sa dakong ito upang inyong ipahayag ang kaniyang pangalan sa harap ng lahat ng mga tao, at humayo upang maglingkod bilang matatapat na mga alagad.

Ministro: Sino ang iyong Panginoon at Tagapagligtas?

Kukumpirmahan: Si HesuKristo ang aming Panginoon at Tagapagligtas.

Ministro: Nagtitiwala ba kayo sa Kaniya?

Kukumpirmahan: Opo

Ministro: Hinahangad ba ninyong maging alagad niya, upang sumunod sa Kaniyang mga salita at upang ipamuhay at ipakita sa sanglibutan ang Kaniyang pag-ibig?

Kukumpirmahan: Opo, sa tulong ng Banal na Espiritu.

Ministro: Kayo ba ay magiging tapat na kaanib ng kongregasyong ito, magkakaloob ng inyong sarili sa lahat ng paraan, hahanapin ang pakikialamuha sa iglesya saan man kayo naroon, at maglilingkod sa nangangailangan saan man kayo naroroon?

Kukumpirmahan: Opo, gagawin po namin. Tulungan nawa kami ng Diyos.

Ministro: Bilang mga magulang, tagapangalaga, mga ninong at ninang, tinamo ninyo ang karapatang makibahagi sa gawaing ito ng kumpirmasyon sa pamamagitan ng pagpapatong ng inyong mga kamay sa balikat ng inyong mga anak. Bagama't sila ay mangagiging ganap nang kaanib ng iglesyang ito, sila ay patuloy na mangangailangan ng inyong pagtataguyod at ng inyong mapagmalasakit na pangangalaga habang nagpapatuloy sa pagiging maygulang sa pananampalataya.

(Kung ang mga kukumpirmahan ay nangagsisulat ng kanilang sariling kapahayagan ng pananampalataya bilang bahagi ng mga klase sa Kumpirmasyon, maaring gamitin ito sa halip na ang nasa itaas.)

ANG PAGPAPAHAYO (Ministro)

Mga kaibigan, kayo ay mga alagad ni HesuKristo. Tinawag Niya kayo at ngayon ay itinalaga kayo. Mamuhay kayo sa Kanyang pag-ibig at maglilingkod sa Kanya.

At mapuspos kayo ng pagpapasalamat. Ang mensahe ni Kristo ang manahan sa inyo ng buong kasaganaan. Anoman ang inyong ginagawa, sa salita man o sa gawa, gawin ninyo ang lahat ng bagay sa pangalan ng Panginoong Hesus na nagpapasalamat sa ating mapagmahal na Diyos sa pamamagitan Niya. Amen.

ANG PANALANGIN NG MINISTRO, MGA PRESBITERO AT KINUKUMPIRMAHAN (pangungunahan ng isang presbitero.)

(Ang kinukumpirmahan ay magsisiluhod sa harap ng Ministro, habang ang mga Presbitero kasama ng mga magulang, mga tagapangalaga, at mga ninong at ninang ay tatayo sa kanilang likuran. Ipapatong ng Ministro at mga Presbitero ang kanilang mga kamay sa ulo ng mga kinukumpirrudran, at ang mga magulang naman ay sa balikat.)

"O Diyos, aming Manglilikha: pinupuri ka namin sa pagtawag mo upang maging aliping bayan, at sa pagtitipon sa amin sa katawan ni Kristo. Pinasasalamat ka namin sa pagkahirang sa mga kabataang ito upang madagdag sa komunidad ng pananampalataya. Sama-sama nawa kaming mamuhay sa iyong Espiritu, at lubos na mag-ibigan sa isa't-isa, upang kami ay magkaroon ng kaisipan ni HesuKristo ang aming Tagapagligtas, na sa kaniya namin ibinibigay ang karangalan at kaluwalhatian magpakailanman. Amen.

PAG-AABOT NG KAMAY NG PAKIKIISA

(laabot ng ministro at mga presbitero ang kanilang mga kanang kamay bilang tanda ng pakikiisa sa mga bagong nakumpirmahan.)

Halina kayo sa ministryo ni HesuKristo sa pamamagitan ng iglesyang ito.

Humayo kayo at maglilingkod sa Panginoon.

Ang biyaya ng ating Panginoong HesuKristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikisama ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat. Amen.

PAGHAHARAP SA KAPULUNGAN (Ang mga kinumpirmahan ay haharap sa kapulungan)

Ministro: Mga kaibigan, ipinagkakatiwala ko sa inyong pag-ibig at pangangalaga ang mga kabataang ito na atin ngayong tinatanggap bilang maygulang at lumalagong na mga kaanib ng ating iglesya. Gawin ninyo ang lahat ng inyong magagawa upang maingatan silang matapat sa pagpapatotoo at paglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ni HesuKristo.

Tugon ng Kapulungan:

Nagagalak kaming kilanlin kayo bilang mga kaanib ng _____ at malugod na tinatanggap sa pagsasama-sama, buhay at ministeryo ng kongregasyong ito. Kasama ninyo, pinagbabagong sigla namin ang aming mga pangakong itaguyod ang ating ministeryo sa pamamagitan ng ating mga panalangin, ating presensya, ating mga kaloob, at ating mga paglilingkod. Tulungan nawa tayong lahat ng Diyos. Amen.

(Isang awit ng Pagpapasalamat o Pagtatalaga ay maaring awitin.)